

# "Hello Chiba (Kumusta Chiba)"

## 「ハローちば」

Guidebook o mga gabay ukol  
sa pamumuhay sa wikang Tagalog  
タガログ語版生活ガイドブック

Petsa ng paglathala: Enero, 2023

発行日：2023年1月

Pamatnugot/Paglathala:  
Chiba-Ken International Affairs Division,  
General Policy and Planning Department  
編集・発行：千葉県総合企画部国際課

# 多言語生活情報「ハローちば」

## "Hello Chiba (Kumusta Chiba)" Impormasyon ukol sa araw-araw na pamumuhan sa iba't-ibang wika

### 目次

1 緊急時のためにはんきゅうじのため	きんきゅうじのため
緊急時の連絡先	きんきゅうじのれんらくさき
各種相談窓口	かくしうそだんまどぐち

2 災害対策	さいがいたいさく
防災情報	ぼうさいじょうほう
日ごろの備え	ひのろのびえ
地震が起きたら	じしんおこったら
台風・大雨	たいふうおおあめ
火事	かじ

3 行政手続き	ぎょうせいいてづ
住居地の(変更)届出	じゅうきよぢの(へんこう)とどけ
マイナンバー制度	まいナンバードイド
結婚をしたとき《婚姻届》	こんいんとどけ
離婚をしたとき《離婚届》	りこんとどけ
妊娠したとき《母子健康手帳》	ほし けんこうてちょう
子どもが生まれたとき《出生届》	しゅっせいとどけ
子どもを養育するとき《児童手当》	じどうてあて
亡くなったとき《死亡届》	しほうとどけ
自動車、土地、家を買ったり、権利に係る契約をするとき《印鑑登録》	けいやく わる契約をするとき《印鑑登録》
在留の手続き	ざいりゅうてつづき
税金	ぜいきん

4 健康管理	けんこうかんり
医療機関	いりょうきかん
医療保険	いりょうほけん
介護保険	かいごほけん
検診	けんしん

### KABUUAN O NILALAMAN

#### 1 PARA SA EMERHENSIYA

Mga numerong maaring tawagan sa oras ng kagipitan	
o emerhensiya.....	1
Konsultasyon .....	4

#### 2 PAGPIGIL SA SAKUNA O KAPAHAMAKAN

Impormasyon ukol sa disaster prevention .....	10
Paghahanda sa araw-araw.....	10
Sa oras na magkaroon ng lindol .....	12
Bagyo / malakas na ulan .....	14
Sunog .....	16

#### 3 PARAAN NG PANGANGASIWA

Pagpapaalam ng pagbabago sa pook ng tirahan .....	17
My Number System .....	17
Kapag nagpakasal kayo 《Marriage Registration》 .....	18
Kapag kayo ay naghinalay o nagdiborsiyo 《Divorce Registration》 ..	18
Kapag kayo ay nabuntis 《Maternal and Child Handbook》 .....	19
Kapag isinilang ang bata 《Pagpapaalam ng panganganak》 .....	19
Jidou teate 《Child Allowance》 .....	20
Kapag may namatay 《Pagpapaalam ng pagkamatay》 .....	20
Kapag kayo ay nagsagawa ng kontrata o titulo, tulad ng pagbili ng kotse, lupa, bahay at iba pa 《Seal Registration》 .....	20
Pamamaraan sa Immigration upang lumagi o tumira sa Japan.....	21
Mga buwis .....	27

#### 4 PAG-AALAGA SA KALUSUGAN

Mga pagamutan.....	31
Medical Insurance o Seguro .....	32
Long-term Care Insurance (Kaigo Hoken).....	34
Medical check-up o pagsusuri sa kalusugan .....	34

母子健康手帳 よぼうせつしょ 予防接種	Maternal and Child Handbook ..... Preventive Vaccination o pagbakuna.....	34 35
<b>5 教育</b> 日本の教育制度 幼稚園・保育所 小学校・中学校  途中入学（編入学） 高等学校 大学・短期大学 日本語教育	<b>5 EDUKASYON</b> Ang sistema ng edukasyon sa Japan ..... Mga Kindergarten (Yochien) at Nursery Schools (Hoikuen) ..... Mga Elementary School (Shogakko) at Junior High School (Chugakko)..... Midterm Enrollment (Hen-Nyugaku) ..... Senior High School (Kotogakko). .... Unibersidad (Daigaku) at Junior Colleges (Tanki Daigaku). .... Pag-aaral sa wikang Hapon.....	37 38 39 40 41
<b>6 労働</b> 日本で就労するには 日本で仕事を探すとき 《公共職業安定所（ハローワーク）》 労働契約の締結 労働相談 労働保険制度 年金制度（国民年金・厚生年金保険）	<b>6 PAGTRABAHO</b> Pagtrabaho sa Japan..... Kapag naghanap kayo ng trabaho sa Japan 《Public Employment Security Office (Hello Work)》 ..... Kontrata sa trabaho ..... Pagpayo ukol sa trabaho ..... Labor Insurance o Seguro ..... Public Pension Plans (National Pension at Employee's Pension Insurance) .....	43 46 47 49 50
<b>7 住まい</b> 家やアパートを借りるとき 電気・ガス・水道 引越し	<b>7 PABAHAY</b> Pagrenta ng apartment o bahay ..... Elektrisidad, Gas, Tubig..... Paglipat.....	53 55 57
<b>8 暮らし</b> 日本の祝日 覚えておくと便利なミニ情報 ゴミの処理 ペットを飼うとき 物を買ったり、サービスを受けて、ト ラブルにあったとき 銀行で口座を開設するとき 公共料金の支払 新聞	<b>8 ARAW-ARAW NA KABUHAYAN</b> Mga Piyesta Opisyal sa Japan ..... Konting impormasyon na maaring makatulong..... Paraan ng pagtapon ng basura ..... Pagkukkop o pag-aalaga ng mga hayop ..... Kapag may problema sa pagbili ninyo ng mga produkto o serbisyo..... Pagbukas ng Bank Account..... Paano bayaran ang mga "Public Utility" bills ..... Diyaryo o pahayagan.....	58 58 59 60 61 62 62 63

テレビ・ラジオ	Telebisyon at radyo.....	63
としょかん 図書館	Aklatan o Library.....	64
かんこう 観光	Turismo.....	65
<b>9 通信と郵便</b>	<b>9 KOMUNIKASYON AT TRANSPORTASYON</b>	
ゆうびん 郵便	Serbisyo sa Koreo	
こくないゆうびん (国内郵便、国際郵便)	(Para sa mga Domestic mail, International mail) .....	66
たくはいぶん 宅配便	Takuhai-bin Courier Service.....	67
でんわ でんぱう 電話・電報	Telepono at Telegrama .....	68
<b>10 交通</b>	<b>10 TRANSPORTASYON</b>	
こうつうきかん 交通機関	Transportasyon.....	71
てつどう りょう 鉄道を利用するとき	Paggamit ng mga tren .....	71
バス	Bus .....	72
タクシー	Taxi .....	73
じどうしゃ うんてん 自動車の運転	Pagmaneho ng kotse.....	73
げんどう き つ じ てんしゃ げんつき 原動機付き自転車 (原付バイク)	Motorsiklo .....	77
にほん こうつう 日本の交通ルール・マナー	Tamang asal / patakaran ng trapiko sa Japan .....	77
<b>11 行政機関</b>	<b>11 MGA GOVERNMENT ADMINISTRATIVE BODIES</b>	
とうきょう ざいがいこうかん 東京にある在外公館	Mga Diplomatic Establishments sa Tokyo.....	80
けんない し やくしょ まち むらやくば 県内の市役所、町・村役場	Tanggapan ng Munisipyo sa loob ng Prefecture, Bayan o Nayon.....	84
こくさいこうりゅうきょうかい 国際交流協会	International foundation .....	86

## ■緊急時の連絡先

警察 電話: 110 (通話料無料)	Pulisya Numero ng teleono: 110 (walang bayad)
言語や聴覚に障害をお持ちの方のために; *千葉県警察メール 110番: http://chiba110.jp *千葉県警察ファックス 110番: 0120-110-294 (通話料無料)	Para sa mga may kapansanan sa wika at pandinig; *Mail service (110) ng Chiba Prefectural Police: http://chiba110.jp * Chiba Prefectural Police Fax 110: 0120-110-294 (walang bayad)
火事、救急車(急病、大けが) 電話: 119 (通話料無料)	Sunog, ambulansiya (biglaang pagkakasakit, malubhang pagkasugat o pinsala) Numero ng teleono: 119 (walang bayad)

## ◇交通事故、盗難や暴力行為にあったとき

- ①局番なしで110番にダイヤルすると警察が応対します。  
 ②名前、住所、事故や事件の起きた場所、事故や事件の内容を伝えます。

◇Sa oras na kayo ay masangkot sa isang aksidente sa daan, ninakawan, naging biktima ng pananakit

- 1) I-dial lamang ang numerong 110 (hindi na kailangan ang area code), upang makonekta ng direkta sa himpilan ng pulisya.
- 2) Ibigay ang inyong pangalan, tirahan, pook na kung saan nangyari ang aksidente, at mga detalye ukol sa aksidente.

交通事故です	Kotsu jiko desu.	May aksidente sa daan.
泥棒です	Dorobo desu.	Nagkaroon ng nakawan.
喧嘩です	Kenka desu.	Nagkaroon ng away.
場所は( )です	Basho wa ( ) desu.	Nangyari ito sa ( ).
住所は( )です	Jusho wa ( ) desu.	Nakatira sa ( ).
名前は( )です	Namae wa ( ) desu.	Ang pangalan ay si ( ).
電話番号は( )です	Denwa bango wa ( ) desu.	Ang numero ng teleono ay ( ).

③交通事故などで負傷者がいるときは、救護が先です。救急車を呼ぶ必要がある場合は、119番に電話して救急車を呼びます。また、交通事故の相手がいるときは、名前、保険番号、住所、電話番号を聞いておきます。

④交番  
交番は日本のどの市町村にもあります。たいてい駅の近くにあります。

3) Kapag may mga nasugatan sanhi ng isang aksidente sa daan, at iba pa, ang "First Aid" ang unang isinasagawa. Upang tawagan ang ambulansiya, i-dial ang 119. Kapag may ibang nasugatan sa aksidente, lapitan ito at tanunin ang pangalan, numero ng seguro o insurance, tirahan, at numero ng teleono.

4) Mga estasyon o himpilan ng pulisya  
Makikita ninyo ang mga Police Box (Koban) sa bawat bayan at siyudad sa Japan. Karaniwan ay malapit ito sa mga estasyon ng tren. Kapag kayo ay ninakawan, binugbog,

どうなん 盗難や暴力行為、交通事故などにあったら、まず警察(110番)に連絡するか、近くの交番に連絡してください。交番の警察官は夜間のパトロールなども行い、犯罪の防止に努めています。

\*警察全般について相談したいとき

千葉県警察本部「相談サポートコーナー」

(TEL : 043-227-9110)

祝祭日を除く、月曜日から金曜日の午前8時30分から午後5時15分まで

◇救急車を呼ぶとき(急病や大けがをしたとき)

局番なしで119をダイヤルすると、消防署が対応します。

nasangkot sa aksidente sa daan, tawagan agad ang pulisya (110) o pumunta sa pinakamakapit na Police Box o Koban. Ang mga pulis ay nagsasagawa ng "night patrol" at sinusuri ang paligid sa gabi upang mapigilan ang pagkakaroon ng krimen.

\* Kung nais ninyong sumangguni sa pulisya

"Consultation Support Center" ng Chiba Prefectural Police

Headquarters (Numero ng telepono: 043-227-9110)

Lunes hanggang Biyernes 8:30 – 17:15, maliban sa Piyesta Opisyal

◇Para tumawag ng ambulansiya (sa mga kasu ng malubhang karamdaman o pagkasugatan)

- I-dial ang numerong 119 (hindi na kailangan ang area code), upang makonekta ng direkta sa Bombero o Fire Department.

救急車をお願いします	Kyukyusha wo Onegaishimasu	Kailangang ko po ng ambulansiya!
( )が(病気・けが)です *状態を説明します。 *アレルギーなど、必要な情報も伝えます。	( ) ga (Byouki/Kega) desu	( ) ay (nagkasakit/nasugatan). *Ipaliwanag ang kondisyon. *Ibigay ang kinakailangang impormasyon tulad ng pagkakaroon ng Allergy at iba pa.
場所は( )です	Basho wa ( ) desu	Nangyari ito sa ( ).
住所は( )です	Jusho wa ( ) desu.	Nakatira sa ( ).
名前は( )です	Namae wa ( ) desu	Ang pangalan ay si ( ).
電話番号は( )です	Denwabango wa ( ) desu	Ang numero ng telefono ay ( ).

\* 病気やけがの状態

\*Kondisyon ng sakit o pagkasugatan

出血	Shukketsu	Nagdurugo ng husto
骨折	Kossetsu	Nabali ang buto
火傷	Yakedo	Napaso
呼吸困難	Kokyū konnan	Nahihirapan sa paghinga
痙攣	Keiren	Nanginginig
胸が苦しい	Mune ga kurushii	Masikip ang dibdib
高熱	Konetsu	Mataas ang lagnat
胃が痛い	I ga itai	Masakit ang tiyan
意識不明	Ishiki fumei	Nawalan ng malay

◇緊急医療での準備

①緊急時に相談できる医者を作つておくと、病院を紹介してもらったり、予約をしてもらえます。

②千葉県の救命救急センターと救急医療体制の情報を知っておいてください。

③緊急時の支払いに備えて健康保険証と現金20,000円ぐらいは用意しておくことがひつよう必要です。

④かかりつけの病院がある場合、診察券も用意しておきます。

\*救急医療問診表(日本語・英語・中国語・韓国語・スペイン語・タイ語・ポルトガル語・タガログ語・ペルシヤ語)

<http://www.qq.pref.chiba.lg.jp/qq12/WP9993/RP999301BL.do>

◇千葉県内の夜間・休日急病診療所

夜間・休日 診察の医療機関は、市町村の広報紙などに掲載されています。また、「ちば救急医療ネット」で調べることができます。日本語対応のみ医療機関も含まれます。詳しくは、千葉県外国人相談にお問い合わせください(TEL : 043-297-2966)。

・ちば救急医療ネット(日本語のみ)  
<https://www.qq.pref.chiba.lg.jp/>

◇Preparasyon para sa isang “medical emergency”

- 1) Alamin ang pangalan ng isang doktor na maaring tawagan sa oras ng emerhensiya. Ang doktor na ito ay maaring magbigay ng payo kung saang ospital dapat dalhin at magsagawa ng nararapat na preparasyon para sa inyo.
- 2) Alaming mabuti ang pamamaraan ng Medical Emergency System sa Chiba at ang Emergency Care Center na malapit sa inyong lugar
- 3) Magtabi ng ¥20,000 at ihanda ang inyong Health Insurance Certificate dahil kakailanganin ito sa pagpasok sa ospital.
- 4) Kung may ospital na kayong pinupuntahan, ihanda ang inyong Patient's Card.

\*Kuwestiunaryo para sa oras ng medical emergency

(Hapon, Ingles, Chinese, Korean, Spanish, Thai, Portuguese, Tagalog, Persian)

<http://www.qq.pref.chiba.lg.jp/qq12/WP9993/RP999301BL.do>

◇It is a medical facility that provides “emergency treatment” or “paggamot” during nighttime or “holidays”.

The information regarding nighttime / holiday medical facilities is available in the municipal newsletters.

It is also available in the “Chiba Emergency Medical Net”.

It is also listed in the “Chiba Prefectural Consultation Service” (043-297-2966) for consultation.

- Chiba Emergency Medical Net (in Japanese language only)

<https://www.qq.pref.chiba.lg.jp/>

■各種相談窓口

## ■Konsultasyon

がいこくじんそうだんいつらんひょう  
外国人相談一覧表

## Mga Advisory Services sa Chiba Prefecture para sa mga dayuhan

Siyudad/Asosasyon	Numero ng telefono	Lugar	Lingwahe	Araw	Oras
(公財)ちば国際コンベンションビューロー <sup>ー</sup> (Chiba Convention Bureau and International Center)	043-297-2966	〒261-8501 Chiba-shi Mihamaku Nakase 1-3 Makuhari Techno Garden Bldg.D 14F	Ingles Intsik Espanyol Tagalog Vietnamese Koreano Nepalese Thai Portuguese Indonesian Russian Hindi	Lunes- Biernes	9:00 am - 12:00 pm 1:00 pm - 4:00 pm
(公財)千葉市国際交流協会 (Chiba City International Association)	043-245-5750	〒260-0026 Chiba-shi Chuo-ku Chibaminato 2-1 Chiba Chuo Community Center, 2F	Ingles	Lunes- Sabado	9:30 am - 3:30 pm
			Intsik	Lunes	2:00 pm - 7:30 pm
				Martes - Biernes	9:00 am - 7:30 pm
				Sabado	9:00 am - 3:30 pm
			Koreano	Lunes, Huwebes at Sabado	9:00 am - 3:30 pm
			Espanyol	Martes, Miyerkules, Sabado	10:00 am - 4:30 pm
			Vietnamese	Miyerkules	2:00 pm - 7:30 pm
				Biernes at Sabado	10:00 am - 4:30 pm
八千代市 (Yachiyo City)	047-487-6310	〒276-0027 Yachiyo-shi Murakamidanchi 2-9-103	Ingles, Espanyol, Portuguese	Lunes - Sabado	9:00 pm -5:00 pm
市川市 (Ichikawa City)	047-712-8675	〒272-8501 Ichikawa-shi Yahata 1-1-1	Ingles Intsik Espanyol Koreano Portuguese Tagalog Vietnamese Thai Ruso Pranses Nepalese Hindi Indonesian Khmer Burmese	Lunes - Biernes	10:00 am -5:00 pm
		〒272-0192 Ichikawa-shi Suehiro 1-1-31		Lunes- Biernes	10:00am - 5:00 pm (hanggang 8:00 PM Miyerkules lamang)

Siyudad/Asosasyon	Numero ng telefono	Lugar	Lingwahe	Araw	Oras
船橋市 (Funabashi City)	050-3101-3495	〒273-8501 Funabashi-shi Minato-cho 2-10-25	Ingles Intsik Koreano Vietnamese Nepalese Indonesian Tagalog Thai Portuguese Espanyol Hindi	Lunes- Biernes	9:00 am - 5:00 pm
浦安市 (Urayasu City)	047-712-6910	〒279-8501 Urayasu-shi Nekozane 1-1-1	Ingles,	Lunes- Biernes	10:00am-12:00pm 1:00 pm - 4:00 pm
			Pranses, Russian, Polako	Lunes at Martes	
			Espanyol	Miyerkules at Huwebes	
			Intsik	Biyernes	
松戸市 (Matsudo City)	047-366-7319	〒271-8588 Matsudo-shi Remoto 387-5	Ingles Chinese Koreano Portuguese Espanyol Ruso Indonesian Hindi	Lunes - Biernes	8:30am -4:30pm
			Vietnames Thai Tagalog Nepalese French	Lunes - Biernes	9:00am - 4:30pm
流山市 (Nagareyama City)	04-7128-6007	〒270-0192 Nagareyama-shi Heiwadai 1-1-1	Ingles	Lunes, Miyerkules, Biyernes	10:00am - 12:00pm 1:00 pm -4:00 pm
鎌ヶ谷市 (Kamagaya City)	047-442-1850	〒273-0101 Kamagaya-shi Tomioka 1-1-3	Ingles	Martes, Huwebes	9:00 am -12:00 pm 1:00 pm -4:00 pm
			Intsik	Hindi regular	9:00 am -12:00 pm 1:00 pm -4:00 pm
柏市 (Kashiwa City)	04-7168-1033	〒277-8505 Kashiwa-shi Kashiwa 5-10-1	Ingles	Huwebes	1:00 pm - 5:00 pm
			Intsik	Miyerkules, Biyernes	
			Espanyol	Lunes	
			Koreano	Ikalawa at ikaapat na Martes	

Siyudad/Asosasyon	Numero ng telefono	Lugar	Lingwahe	Araw	Oras
我孫子市 (Abiko City)	04-7183-1231	〒270-1166 Abiko-shi Abiko 4-11-1 Abiko Shimin Plaza	Ingles, Intsik, Espanyol, Koreano Thai at Pranses,	Araw-araw (Maliban sa Huwebes)	10:00 am - 5:00 pm
成田市 (Narita City)	0476-20-1507	〒286-8585 Narita-shi Hanazaki-cho 760	Ingles Intsik Koreano Portuguese Espanyol Ruso Thai Vietnamese Indonesian Tagalog Nepali Hindi	Lunes - Biernes	9:00 am - 5:00 pm
佐倉市 (Sakura City)	043-484-6326	〒285-0025 Sakura-shi Kaburagi-machi Rainbow Plaza Sakura	Ingles	Lunes- Biernes	10:00am- 12:00pm 1:00 pm - 4:00 pm
			Intsik Espanyol	(kailangang magpareserba)	
四街道市 (Yotsukaido City)	043-312-6173	〒284-003 Yotsukaido-shi Shikawatashi 2001-10	Ingles, Intsik	Lunes, Miyerkules, Biernes, Sabado (kailangang magpareserba)	10:00 am - 3:00pm
印西市 (Inzai City)	0476-33-4068	〒270-1396 Inzai-shi Omori 2364-2	Wikang Hapon	Ikalawang Biernes (kailangang magpareserba)	9:00 am - 4:00 pm
白井市 (Shiroi City)	047-492-1111	〒270-1492 Shiroi-shi Fuku 1123	Ingles	Lunes-Biernes	8:30 am - 5:00 pm
			Intsik Espanyol	kailangang magpareserba	
富里市 (Tomisato City)	0476-93-1111	〒286-0292 Tomisato-shi Nanae 652-1	Ingles	Lunes, Biernes	9:00 am -12:00 pm
館山市 (Tateyama City)	0470-22-3147	〒294-8601 Tateyama-shi Hojo 1145-1	Ingles Intsik Koreano Iba pa 27 lingwahes	Lunes-Biernes	8:30 am - 5:00 pm

Siyudad/Asosasyon	Numero ng telepono	Lugar	Lingwahe	Araw	Oras
鴨川市 (Kamogawa City)	04-7093-5931	〒296-8601 Kamogawa-shi Yokosuka 1450	Ingles Intsik Tagalog Vietnamese Koreano Thai, Nepali Indonesian Espanyol Urdu Prances Hungarian Persian Malay Portuguese	Lunes-Biyernes	8:30 am -4:30 pm
君津市 (Kimitsu City)	0439-54-9877	〒299-1152 Kimitsu-shi Kubo 2-11-21	Ingles Intsik Koreano Tagalog	Martes, Huwebes at Biyernes *Bumisita lawang	9:00am - 4:00pm
市原市 (Ichihara City)	0436-23-9866	〒290-8501 Ichihara-shi Kokubunjidai Chuo 1-1-1	Ingles	Martes at Biyernes	9:30 am - 12:00 pm 1:00 pm - 3:30 pm
	0436-24-3934	〒290-0081 Ichihara-shi Goichouonishi 1-1-25 Sunplaza Ichihara 2F	Espanyol  Portuges	una at pangatlo na Biyernes  una at pangatlo na Miyerkules	1:00 pm - 4:00 pm  9:00 am - 12:00 pm

## ◇FRESCヘルプデスク

新型コロナウイルスの影響などで生活に困っている外国人の相談を電話で聞きます。

電話: 0120-76-2029

英語、中国語、韓国語、スペイン語、ポルトガル語、ベトナム語、ネパール語、タイ語、インドネシア語、タガログ語、ミャンマー語、クメール語、モンゴル語、フランス語、シンハラ語、ウルドゥー語、ベンガル語

月～金 午前9:00～午後5:00

## ◇法テラス 多言語情報提供サービス

借金、離婚、労働、事故など、通訳を介して日本の法制度や弁護士会など関係機関を紹介します。

## ◇FRESC Help Desk

Ang FRESC Help Desk ay tumatanggap ng konsultasyon sa telepono mula sa mga dayuhan na naapektuhan ang pamumuhay nila ng COVID-19.

Telefono: 0120-76-2029

English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Nepali, Thai, Indonesian, Tagalog, Burmese, Cambodian, Mongolian, French, Sinhala, Urdu, Bengali  
Lunes-Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

## ◇ Houterasu Multilingual Information Service

Ipinagkakaloob ang serbisyo sa pagsasalin ng wika ukol sa diborsiyo, pagkakautang, pagtrabaho, aksidente at iba pa.

Tumutulong din sa pagpabigay ng impormasyon ukol sa sistema ng batas sa Japan, Lawyers' Association at iba pang kaugnay na mga institusyon.

**電話相談**

電話: 0570-078377

\* 通訳を交えて、3者(相談者、職員、  
通訳)間で話すことができます。

対応言語: 英語、中国語、ポルトガル語、  
スペイン語、韓国語、ベトナム語、タガログ  
語、ネパール語、タイ語、インドネシア語

受付: 月曜日～金曜日 午前 9:00～午後  
5:00

**・法テラス千葉**

電話: 050-3383-5381

住所: 千葉市中央区中央4-5-1 Qiball(きぼ  
一る)2階

**・法テラス松戸**

電話: 050-3383-5388

住所: 松戸市松戸1879-1 松戸商工会議所  
会館3階

<http://www.houterasu.or.jp/chiba/>

◇介護に携わる外国人のための支援センター  
（千葉県外国人介護人材支援センター）

電話: 0120-054-762

住所: 千葉市中央区富士見2-3-1

塚本大千葉ビル5階

英語: 火・木・土 午前10:00～午後6:00

ベトナム語: 月・水・金 午前10:00～午後6:00

◇外国人のための人権相談（法務省）

**・外国語人権相談ダイヤル**

電話: 0570-090911

英語、中国語、韓国語、タガログ語、ポルト  
ガル語、ベトナム語、ネパール語、スペイン  
語、インドネシア語、タイ語

月～金 午前9:00～午後5:00

◇外国語インターネット人権相談受付窓口  
多言語でのインターネット人権相談受付  
窓口を設置しています。  
全国どこからでも人権相談を受けることがで  
きます。

<http://www.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html>

**Konsultasyon sa telepono**

Telepono: 0570-078377

\* Maaaring mag-usap sa telepono ang tatlong partido  
(ang kumukunsulta, tagapagsalin ng wika at ang kawani  
ng tanggapan).

Lingwahe: Ingles, Intsik, Portuguese, Espanyol, Koreano,  
Vietnamese, Tagalog, Nepali, Thai, Indonesian

Panahon ng pagtaggap: Lunes-Biyernes, 9:00 am – 5:00 pm

**・Houterasu Chiba**

Telepono: 050-3383-5381

Lugar: Chiba-shi Chuo-ku Chuo 4-5-1 Qiball 2F

**・Houterasu Matsudo**

Telepono: 050-3383-5388

Lugar: Matsudo-shi Matsudo 1879-1

3-F Matudo Chamber of Commerce and Industry Hall

<http://www.houterasu.or.jp/en/index.html>

◇ Help Center para sa mga Dayuhang Nagtatrabaho Bilang  
Care Worker

(Chiba Prefecture Foreign Care Workers Support Center)

Telepono: 0120-054-762

Address: 2-3-1, Fujimi, Chuo-ku, Chiba-shi

Thukamoto Dai Chiba Building 5F

English: Martes, Huwebes, Sabado 10:00 am - 6:00 pm

Vietnamese: Lunes, Miyerkules, Biyernes 10:00 am - 6:00 pm

◇ Human Rights Counseling Center para sa mga dayuhang  
residente (Ministry of Justice)

**・Hotline Para sa Karapatang Pantao ng mga Dayuhan**

Numerong telepono: 0570-090911

Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog, Portuguese, Vietnamese,  
Nepalese, Espanyol, Indonesian, Thai.

Lunes hanggang Biyernes 9:00 am - 12:00 pm, 1:00 pm - 5:00  
pm

**・Serbisyo sa internet ng konsultasyon para sa karapatang  
pantao**

Mayroong serbisyo sa internet ng konsultasyon para sa  
karapatang pantao sa mga banyagang wika.

<http://www10.moj.go.jp/JINKEN/jinken21.html>

◇ 東京 イングリッシュライフライン  
 (いのちの電話)  
 電話: 03-5774-0992  
 英語での相談 = 毎日 午前9:00～午後11:00

◇ SHARE 外国人医療電話相談  
 英語: 水・金 午前10:00～午後5:00  
 電話: 03-6803-0304

◇ 外国人結核電話相談  
 (公益財団法人結核予防会)  
 電話: 03-3292-1218・1219  
 毎週火曜日 午前 10:00～午前 12:00、  
 午後 1:00～午後 3:00  
 英語、韓国語(予約制)、中国語、ベトナム  
 語、ミャンマー語(午前中のみ)、ネパール  
 語(第2、第4火曜日の午前中のみ)

◇ 外国語による DV 相談  
 (女性サポートセンター)  
 電話: 043-206-8002  
 英語、中国語、韓国語、タガログ語、スペイ  
 ン語、タイ語  
 \*予約制  
 \*女性専用です。  
 \*24時間、365日受け付けていますが、  
 外国語での相談は来所のみです。

◇ ファミリーセンター・ヴィオラ  
 (千葉県)  
 交通事故相談 電話: 043-223-2264  
 法律相談 電話: 043-223-2249, 2250  
 (予約制)  
 医療相談 電話: 043-223-3636

◇ Tokyo English Life Line (Telefono ng kabuhayan)  
 Numero ng telefono: 03-5774-0992  
 Sa wikang Ingles: Araw-araw  
 9:00 ng umaga hangang 11:00 ng hapon

◇ SHARE Libreng Medical Consultation para sa mga dayuhan  
 Ingles: Miyerkules, Biyernes 10:00 am - 5:00 pm  
 Numero ng telefono: 03-6803-0304

◇ Konsultasyon sa Telefono para maiwasan ang Tuberculosis para sa mga dayuhan (Japan Anti-Tuberculosis Association)

Numero ng telefono: 03-3292-1218, -1219  
 Martes 10:00 am - 12:00pm at 1:00 pm - 3:00 pm  
 Ingles, Koreano(Kailangan ng Pagpapareserba), Intsik, Vietnamese, Burmese (sa umaga lamang), Nepali (sa umaga lang ng Ika-2 at ika-4 na Martes)

◇ Konsultasyon ukol sa DV sa iba't ibang wika (Pasilidad na Sumusuporta sa Kababaihan)

Telefono: 043-206-8002  
 Ingles, Intsik, Koreano, Tagalog, Espanyol, Thai  
 \*Kailangan ng Pagpapareserba  
 \*Para sa babae lamang  
 \*Bagaman bukas ang pasilidad 24 na oras, 365 na araw sa isang taon, magagamit lamang ang konsultasyon sa iba't ibang wika kung pumunta kayo mismo sa pasilidad.

◇ Family Center Viola

- Konsultasyon ukol sa welfare sa wikang banyaga  
 Telefono: 0438-53-3453  
 Ingles, Tagalog, Vietnamese, Thai

◇ Ang sumusunod na mga numero ay maaring tawagan para sa konsultasyon sa wikang Hapon. (Chiba pref.)

Para sa mga aksidente sa daan, Tel: 043-223-2264  
 Para sa Legal advice Tel: 043-223-2249, 2250 (Kailangang magpareserba)  
 Para sa Medical advice Tel: 043-223-3636

## ■防災情報

### ◇千葉県防災ポータルサイト

次の情報を提供しています。一部のページについて、日本語・英語・ハングル・中国語で表記しています。

- ・県内の地震・津波・台風等の情報
- ・避難指示情報、避難所開設
- ・被害情報などの緊急・災害情報
- ・天気予報等の気象情報
- ・鉄道・道路等の交通運行情報
- ・電気・水道等のライフラインに関する情報

<http://www.bousai.pref.chiba.lg.jp/portal/index.html>

### ◇外国人旅行者向けプッシュ型情報発信アプリ「Safety tips」

このアプリケーションは、緊急地震速報と津波警報のほか、災害時に役立つ便利な機能を多言語で提供しています。

- ・ダウンロード URL

Android

<https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.rcsc.safetyTips.android>

iPhone:

<https://itunes.apple.com/jp/app/safety-tips/id858357174?mt=8>

### ◇NHK WORLD -JAPAN

災害が発生したときに、多言語の緊急ニュースをプッシュ通知で受け取ることができます。  
(英語・中国語)

## ■ 日ごろの備え

### ◇備蓄品の準備

日ごろから食料品を多めに買い置きし、古いものから順に使い、使ったものを補充していく備蓄をしましょう。カセットコンロがあると温かい食事をとることができます。

## ■Impormasyon ukol sa disaster prevention

### ◇Chiba Prefecture Disaster Prevention Portal Site

Ipinagkakaloob sa site na ito ang sumusunod na mga impormasyon. May mga pahinang nasa wikang Hapon, Ingles, Koreano at Intsek.

- Impormasyon ukol sa paglindol, tsunami, bagyo, at iba pa.
- Impormasyon sa tagubilin sa paglikas at pagbukas ng evacuation center
- Impormasyon ukol sa lagay ng pinsala at iba pa
- Impormasyon ukol sa lagay ng panahon, tulad ng mga weather forecasts
- Impormasyon ukol sa lagay ng trapiko, sa tren at mga daan
- Impormasyon ukol sa lagay ng mga “lifeline”, tulad ng elektrisidad, tubig, at iba pa.

<http://www.bousai.pref.chiba.lg.jp/portal/index.html>

### ◇ “Safety Tips”, isang application na nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng alerto para sa mga bisita galing ibang bansa

Nagbibigay ang application na ito ng mga alerto at babala ukol sa lindol at tsunami, pati na rin ng mga kapaki-pakinabang na gamit sa panahon ng sakuna, sa wikang Iba't-ibang wika.

Upang i-download:

Android:

<https://play.google.com/store/apps/details?id=jp.co.rcsc.safetyTips.android>

iPhone:

<https://itunes.apple.com/jp/app/safety-tips/id858357174?mt=8>

### ◇ NHK WORLD - JAPAN

Maaaring tanggapin ang emergency news sa oras ng kalamidad sa iba't-ibang wika sa pamamagitan ng push notification. (Sa wikang Ingles, Intsik)

## ■ Paghahanda sa araw-araw

### ◇ Paghahanda ng mga bagay para sa emerhensiya

Damihan ang pagbili ng mga food supplies at simulang gamitin mula sa pinakalumang bagay, at palitan ang mga bagay na ginamit. Maaaring gumamit ng cassette stove sa pagpapainit ng pagkain.

## [備蓄品の例]

- 水(1人1日3リットル、1週間分程度)、カセットコンロ、カセットポンベ、食料(米、カップ麺、レトルト食品、菓子など)
- 携帯型ラジオ、簡易トイレ、携帯電話のバッテリー、懐中電灯、ゴミ袋
- 必要な常備薬、生理用品、粉ミルク、オムツなど

## [非常持出品の例]

- 口水、□非常食、□携帯電話のバッテリー、□懐中電灯、□ヘルメット、防災ずきん、□常備薬、□現金、□通帳、印鑑、□タオル、□着替え、□マスク、□雨具、□ティッシュペーパー、□ライター、ろうそく、□ゴミ袋など

## ◇耐震化と家具の固定、感震ブレーカーの設置

ふるいたてもの 古い建物や木造住宅、埋立地、低湿地、盛土造成地にある住宅、1階部分の壁が少ない住宅などは、耐震診断を行い、耐震補強をしておきましょう。

大きな家具はしっかりと固定し、寝室、子ども部屋に大きな家具は避けるようにします。避難の邪魔にならないよう家具を固定し、配置を工夫しましょう。ガラスには飛散防止フィルムを張つておきます。

感震ブレーカーは、揺れを感じると、ブレーカーやコンセントなどの電気を自動的に止めてくれる器具です。電気火災の予防に有効です。

## ◇危険な場所や避難場所の確認

台風や大雨、津波などが起った時に、浸水のおそれのある場所や、土砂崩れがおきる恐れのある場所などを、市町村のハザードマップなどで確認しておきます。

安全に避難するため、災害に応じた避難場所

(Halimbawa ng mga bagay na dapat ihanda)

- Tubig (3 l bawat tao para sa isang linggo), cassette stove, cassette pump, pagkain (bigas, cup noodles, retort foods, snacks, at iba pa)
- Handheld radio, portable toilet, cellphone battery, flashlight, trashbag
- Kinakailangang gamot, sanitary items, powdered milk, diapers, at iba pa

(Halimbawa ng emergency goods)

- Tubig, pagkain para sa emerhensiya, cellphone battery, flashlight, helmet, protective hood, kinakailangang gamot, cash, bankbook, personal seal, tuwalya, reserbang damit, mask, rainwear, tissue paper, lighter, kandila, trashbag, at iba pa

◇Tibay laban sa lindol at pagtagtag sa mga kasangkapan, paglagay ng seismic breaker

Siguruhing gawin ang pagsusuri para sa lindol at patibayin ang gusali laban sa pag-uga na dala nito, kapag nakatira sa lumang gusali o tirahang gawa sa kahoy, o kapag nakatayo ito sa isang reclaimed land, lupang may low humidity, nasa tambak o embankment, nasa unang palapag ng gusaling kaunti lamang ang dingding.

Siguruhing matatag ang pagkakalagay ng malalaking kasangkapan. Iwasang maglagay ng malalaking kasangkapan sa silid tulugan o sa kuwarto ng bata.

Ayusin ang pagkakalagay ng kasangkapan upang hindi ito maging hadlang o sagabal sa oras ng paglisani. Maglagay ng shatter-proof film sa mga bintanang gawa sa salamin upang mapigilan ang pagtalsik ng basag na salamin.

Sa oras na makumpirma ng seismic breaker ang pag-uga, awtomatikong pinapatay nito ang pagdaloy ng elektrisidad sa breaker at electrical outlets. Epektibo ito sa pagpigel ng sunog mula sa elektrisidad.

◇Pagkumpirma sa lokasyon ng evacuation sites at mapanganib na mga lugar

Siguruhing alamin ang mga lugar na madaling bumaha o magkaroon ng mudslides sanhi ng bagyo, malakas na ulan, tsunami at iba pa sa pamamagitan ng hazard map ng sariling munisipalidad.

みちじゅん かくにん や道順を確認しておきましょう。大雨のときと  
つなみ ひなんばしょ ちが 津波のときでは避難場所が違うことがあります。

## ◇防災訓練

にほん せかいゆうすう じしん おおにくに 日本は世界有数の地震の多い国です。  
ひ しちょうそん ちようないかい じち かい じしゅ 日ごろから市町村や町内会・自治会、自主  
ぼうさいそしきなどが行う防災訓練に参加し、災害  
が起ったときの行動を確認しておきましょう。

## ■ 地震が起こったら

### ①緊急地震速報

じしん おまえ じしん お 地震が起る前に、これから地震が起こることを  
つたまんきゅう じしんそくほう で 伝える緊急地震速報が出ることがあります。  
じしん お じかん じぶん み 地震が起るまでのわずかな時間で、自分の身  
を守る準備をしましょう。

### ②地震発生

テーブルや机の下にもぐって身を守り、搖れが  
おさまると み まもり ゆき 収まるのを待ちます。

### ③搖れが収まつたら

つなみ くず きけん ばしょ 津波やがけ崩れの危険のある場所では、すぐ  
ひなん に避難します。

すばやく火を止め、ドアや窓を開けて脱出口を  
かくほ 確保します。

### ④避難・家族の安否確認

ラジオなどで正確な情報を確認し、家屋倒壊の  
危険があれば避難します。靴を履き、非常用  
持ち出品を用意し、徒歩で避難します

でんき 電気のブレーカーを落してから避難しましょう。  
かんしん 感震ブレーカーを設置しておくと、自動的に

でんき と 電気を止めてくれます。

はなれられた家族の安否を確認します。電話はなる  
べく使わず、災害用伝言サービスを使いましょう。

Kumpirmahan ang itinakdang ligtas na daan at evacuation sites upang siguruhin ang kaligtasan sa oras ng paglisan. Maaaring magbago ang lokasyon ng evacuation sites kapag nagkaroon ng tsunami o malakas na ulan.

### ◇ Pagsasanay para sa disaster prevention

Ang bansang Hapon ang isa sa mga bansa sa buong mundo na pinakamadalas magkaroon ng lindol. Siguruhing sumali sa mga pagsasanay kaugnay sa disaster prevention na isinasagawa ng residents' association ng sariling munisipalidad, local voluntary disaster prevention organization at iba pa, upang maging handa sa oras na magkaroon ng kalamidad.

### ■ Sa oras na magkaroon ng lindol

#### ① Earthquake Early Warning

Ipinapaalam sa pamamagitan ng Earthquake Early Warning ang pagdating ng isang lindol bago ito mangyari.

Kailangang siguruhin ang sariling kaligtasan sa maikling panahon bago dumating ang lindol.

#### ② Pagdating ng lindol

Sumilong sa ilalim ng mesa para protektahan ang sarili at hintaying humupa o tumigil ang pag-uga.

#### ③ Pagtigil ng pag-uga

Kapag nasa lugar na may panganib na magkaroon ng mudslides o tsunami, kailangang bilisan ang paglisan patungo sa kaligtasan.

Patayin ang anumang apoy, buksan ang pintuan at siguruhin ang daanan patungo sa kaligtasan.

④ Paglisan, pagkumpirma sa kaligtasan ng sariling pamilya Kumpirmahan ang tamang impormasyon sa pamamagitan ng radyo at iba pang communication media, at lumikas kapag may panganib na gumuhit ang bahay. Isuot ang sapatos pagkatapos ihanda ang emergency kit, at maglakad patungo sa ligtas na lugar. Siguruhing patayin ang breaker bago lumikas. Hindi na kailangang gawin ito kung may seismic breaker dahil awtomatikong ginagawa nito ang pagpatay sa breaker. Kumpirmahan ang kaligtasan ng mga miyembro ng pamilya na nahiwalay. Hangga't maaari ay iwasan ang paggamit ng telepono at sa halip ay gamitin ang disaster messaging service.

・災害用伝言ダイヤル(171)

<http://www.ntt-east.co.jp/saigai/voice171/>  
 •Web171  
<http://www.ntt-east.co.jp/saigai/web171/index.html>

・携帯電話災害用伝言版

〈NTT ドコモ〉  
<https://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster/index.html> (日本語)  
<https://www.nttdocomo.co.jp/english/info/disaster/index.html> (英語)  
 〈au〉  
<http://www.au.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengon> (日本語)  
<http://www.au.com/english/mobile/anti-disaster/saigai-dengon> (英語)  
 〈ソフトバンク〉  
<http://www.softbank.jp/mobile/service/dengon> (日本語)  
 〈ワイモバイル〉  
<http://www.ymobile.jp/service/dengon> (日本語)

⑤応急救護

大きな災害のときは救助隊もすぐに来ることはできません。隣近所で助けあって消火や救出活動を行います。日ごろから防災訓練に参加し、練習しておきましょう。

⑥避難所

各市町村にあります。無料で、誰でも利用でき、宿泊も可能です。  
 ラジオ等で情報を常に収集します。  
 食事は提供されますが、まずは、備蓄品で乗り切れます。  
 自主防災組織を中心、避難所では助け合いを大切にしましょう。

◇Disaster Emergency Message Dial (171)

[http://www.ntt-east.co.jp/saigai\\_e/voice171/](http://www.ntt-east.co.jp/saigai_e/voice171/)

◇Web171

<http://www.ntt-east.co.jp/saigai/web171/index.html>

◇Disaster Emergency Message Board para sa mobile phone

〈NTT Docomo〉

<https://www.nttdocomo.co.jp/info/disaster/index.html> (Hapon)

<https://www.nttdocomo.co.jp/english/info/disaster/index.html> (Ingles)

〈au〉

<http://www.au.com/mobile/anti-disaster/saigai-dengon> (Hapon)

<http://www.au.com/english/mobile/anti-disaster/saigai-dengon> (Ingles)

〈Softbank〉

<http://www.softbank.jp/mobile/service/dengon/> (Hapon)

〈Y!mobile〉

<http://www.ymobile.jp/service/dengon> (Hapon)

⑤ First Aid

Kapag nagkaroon ng malaking kalamidad, maaaring hindi makarating agad ang rescue team. Kung kaya, kailangang makipagtulungan sa mga taong nasa paligid sa pagpatay ng apoy at pagbigay ng saklolo sa mga nangangailangan nito. Siguruhing sumali sa disaster prevention drills at sanayin ang sarili sa mga dapat gawin.

⑥ Evacuation Center

Ang mga evacuation center ay matatagpuan sa bawat munisipyo nang libre at bukas kahit kanino. Puwede ring manatili dito nang buong magdamag.

Isagawa ang pagkulekta ng impormasyon sa pamamagitan ng radyo at iba pang communication media. Bagama't may pagkain na ipinamamahagi, gamitin muna ang sariling emergency food supply. Makipagtulungan sa mga taong nasa evacuation center habang binibigyang prayoridad ang pagsuporta sa voluntary disaster prevention organization.

## ◇津波

ちばけん さんぼう うみ かこ じしん  
千葉県は三方を海で囲まれているため、地震のときには津波の被害が心配です。

かいがん じしん かん かい  
海岸にいるときに地震を感じたら、できるだけ海岸から離れて高いところへ逃げます。

## &lt;津波に対する心得&gt;

- ①強い地震を感じたときは、または弱い地震であっても長い時間ゆっくりとした揺れを感じたときは、直ちに海岸から離れ、高い場所に避難します。
- ②地震を感じなくとも、津波警報が発表されたときは、すぐに避難します。
- ③津波は繰り返し襲ってくるので、警報が解除されるまで避難を続けます。

## ◇ Tsunami

Dahil ang prepektura ng Chiba ay napapalibutan ng tubig sa tatlong panig, may pag-aalala sa pinsalang dulot ng tsunami sa oras na magkaroon ng lindol.

Kapag nakaramdam ng lindol habang nasa dalampasigan, lumayo agad sa lugar na ito at tumakas patungo sa mataas na lugar.

<Mga bagay na dapat malaman ukol sa tsunami>

- ① Sa oras na magkaroon ng malakas na lindol, o di kaya'y mahinang lindol na may mahabang aftershocks, lumayo agad sa dalampasigan at lumikas patungo sa mataas na lugar.
- ② Kahit hindi naramdamang lindol, kailangang lumikas agad sa oras na magpalabas ng anunsiyo para sa tsunami warning.
- ③ Dahil bumabalik uli ang tsunami pagkatapos ng unang pagdagdaga nito, hangga't hindi tinatanggal ang tsunami warning ay kailangang ipagpatuloy ang paglisan patungo sa kaligtasan.

・災害のときによく使われる日本語 にほんご Salitang Hapon na madalas gamitin sa oras ng kalamidad:

ひなん 避難 hinan	にげるのこと	pagtakas
たかだい 高台 takadai	たか 高いところ	mataas na lugar
うかい迂回 ukai	ちがいみち いく 違う道を行く	pumunta sa ibang daan
あんび 安否 anpi	だいじょうぶ 大丈夫かどうか	ligtas kaya
でいでん 停電 teiden	でんきが止まる 電気が止まる	titigil ang kuryente
だんすい 断水 dansui	すいどうが止まる 水道が止まる	titigil ang tubig
きゅうすいしゃ 給水車 kyusuisya	みずくばるま 水を配る車	sasakyang may kargang tubig
ふつう 不通 futsu	とお 通りができない	hindi makadaan

## ■台風・大雨

にほん まいとしおお たいふう しゅうらい きょうふう  
日本では、毎年多くの台風が襲来し、強風や大雨によりたびたび大きな被害が起こっています。気象情報に注意し、事前に十分な策を取りましょう。また、市町村から避難情報が発表されたときは、すぐに避難しましょう。

## ◇台風・大雨に対する備え

- ①家の周りを一周し、飛ばされそうな物はすべて室内に入れるか、固定します。浸水などの恐れがあるところでは、家財道具や食料品な

## ■ Bagyo / malakas na ulan

Maraming bagyo ang dumadaan sa Japan bawat taon, na may kasabay na malakas na hangin at ulan na madalas nagdudulot ng malaking pinsala. Siguruhing kumpirmahan ang impormasyon ukol sa lagay ng panahon at gawin ang nararapat na paghahanda at mga hakbang. Kailangang lumikas agad sa oras na makatanggap ng impormasyon ukol sa paglisan mula sa munisipyo.

## ◇ Paghahanda para sa bagyo / malakas na ulan

- ① Suriin ang paligid ng bahay at ipasok ang anumang bagay na maaaring liparin ng hangin o di kaya'y patibayin ang pagkakalagay nito. Kapag nakatira sa isang lugar na may

どの生活用品を高い場所へ移動します。

②停電に備えて、懐中電灯や携帯ラジオ、携帯電話のバッテリーなどを準備しておきます。

③断水などの恐れのため、飲料水を確保しておきます。

④気象情報に注意してください。

⑤むやみに外出しないでください。公共交通機関が事前に運行を止めることがありますので、運行情報を注意してください。

⑥病人や乳幼児、身体の不自由な人を安全な場所へ移動させます。

⑦市町村が発する避難に関する情報に注意して、できるだけ早めの避難を心がけてください。避難に時間がかかる家族がいる場合は、早めに移動を開始しましょう。

#### ◇避難行動

「警戒レベル」で避難のタイミングが発表されます。警戒レベル3、4が発表されたときは、すぐに避難してください。

[警戒レベル1] 災害への備えを確認します。

[警戒レベル2] 避難場所や道順などを確認します。

[警戒レベル3] 避難に時間がかかる高齢者や障害のある方、乳幼児などは避難します。市町村から「高齢者等避難」が出ます。

それ以外の人は避難の準備をします。

[警戒レベル4] 全員避難します。市町村から「避難指示」が出ます。

[警戒レベル5] 災害が発生しています。命を守る行動をとりましょう。

panganib na bumaha, siguruhing ilipat ang mga kagamitan sa bahay, pagkain, at iba pang gamit sa kabuhayan sa mataas na lugar para hindi mabasa.

② Ihanda ang flashlight, portable radio, cellphone battery at iba pa bilang paghahanda sa oras na mawalan ng kuryente.

③ Dahil maaaring tumigil ang tubig, kailangang ihanda ang mga inumin.

④ Bigyang pamsin ang impormasyon ukol sa lagay ng panahon.

⑤ Huwag lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan.

Kabilang sa paghahanda ay maaaring itigil ang pampublikong transportasyon, kaya bigyang pamsin ang impormasyon kaugnay sa operasyon ng public transport system.

⑥ Ilipat sa ligtas na pook ang mga taong may sakit, may kapansanan sa katawan at mga sanggol.

⑦ Bigyang pamsin ang impormasyon kaugnay sa paglisan mula sa munisipyo at lumikas agad sa kaligtasan. Kapag may mga miyembro ng pamilya na matatagal sa paglisan, kailangang umpisahan ito nang maaga.

#### ◇ Paglisan

Base sa "warning level", ipapaalam ang tamang panahon para sa paglisan. Kailangang lumikas agad sa oras na ipalabas ang warning level 3 o warning level 4.

**[Warning Level 1]** Kumpirmahan ang paghahanda para sa kalamidad.

**[Warning Level 2]** Kumpirmahan ang lokasyon ng pinakamalapit na evacuation site at evacuation route.

**[Warning Level 3]** Isagawa ang paglisan ng mga taong may kapansanan sa katawan, matatanda, sanggol at iba pang taong matatagal sa paglisan. Magpapalabas ang munisipyo ng " Paglikas ng Matatanda, atbp.". Ang iba pang taong hindi nabanggit sa itaas ay kailangang maghanda para sa paglisan.

**[Warning Level 4]** Ang lahat ay kailangang lumikas.

Ipapaalam ng inyong munisipyo ang mga "tagubilin sa paglikas".

**[Warning Level 5]** May nangyaring kalamidad sa kasalukuyan. Gawin ang mga hakbang upang protektahan ang sarili.

## ■ 火事

日本の家やアパートは木造で、畳やふすまなど燃えやすいものが多くあります。日ごろから火事をおこさないように十分注意しましょう。

### ◇火事を起さないためのポイント

①寝たばこは絶対やめる。

②ストーブは燃えやすいものから離れたところ  
で使う。

③ガスコンロなどのそばを離れるときは、必ず  
火を消す。

④住宅用火災警報器は全ての住宅に設置する  
必要があります。

⑤寝具、衣類、カーテンからの火災を防ぐため  
に防炎品を使う。

⑥火災を小さいうちに消すために住宅用  
消火器を設置する。

⑦隣近所の協力体制をつくる。

## ■Sunog

Karamihan sa mga bahay at apartment complex sa Japan ay gawa sa kahoy at maraming bahagi na madaling kapitan ng apoy, tulad ng mga Japanese tatami mat at sliding doors.

Mag-ingat ng husto upang maiwasan ang pagkakaroon ng sunog sa araw-araw na pamumuhay.

◇ Mga bagay na dapat tandaan upang mapigilan ang sunog

① Huwag manigarilyo sa kama o tulugan.

② Sa paggamit ng stove, lumayo sa mga bagay na madaling masunog.

③ Siguruhing patayin ang apoy sa gas burner kapag lalayo sa tabi nito.

④ Ang lahat ng tahanan ay kailangang maglagay ng smoke detectors sa loob.

⑤ Gumamit ng flame retardant upang mapigilan ang pagkasunog sa mga kurtina, damit at beddings.

⑥ Maglagay ng fire extinguisher sa tahanan para patayin agad ang anumang apoy habang maliit pa ito.

⑦ Gumawa ng isang sistema ng suporta o pagtutulungan sa pagitan ng mga kapitbahay.

日本で生活するときには、各種の行政手続き（住民登録、出生届、婚姻届、離婚届、死亡届、印鑑登録、国民健康保険、税金など）が必要になります。これらは、主に居住している市区町村役所で受け付けています。これらの手続きをすると各種の交付を受けることができます。

**■住居地の（変更）届出**  
住居地の届出をすると、日本人と同様に、外国人住民の方についても住民票が作成されます。

・新たに来日された方  
出入国港において在留カードが交付された方（注）は、住居地を定めてから14日以内に、在留カードを持参の上、市区町村役所の窓口でその住居地を届け出してください。  
(注)パスポートに「在留カードを後日交付する」旨の記載がなされた方は、パスポートを持参してください。

・引越しをされた方  
中長期在留者の方が、住居地を変更した時は、移転した日から14日以内に、在留カードを持参の上、移転先の市区町村役所の窓口でその住居地を届け出してください。

**■マイナンバー制度**  
住民票のある外国人（中長期滞在者、特別永住者等）には、日本人と同様にマイナンバーと呼ばれる12桁の個人番号が市町村から通知されます。この個人番号は、社会保障や税、災害安否等に活用されます。

（マイナンバー制度について）  
<https://www.kojinbango-card.go.jp>

May iba't-ibang uri ng paraan sa pangangasiwa sa pamumuhay o pagtira sa Japan (tulad ng pagpaparehistro bilang residente, pagrehistro sa kapanganakan at kasal, pagpapaalam ng pagkamatay, pagrehistro ng sariling stampa o seal registration, pagsali sa national health insurance, mga buwis, at iba pa). Ang mga nabanggit na pagrehistro ay maaring isagawa sa tanggapan ng munisipyong malapit sa inyong tinitirhan. Maari kayong tumanggap ng mga benepisyo sa pagrehistro sa alinman sa mga ito.

### ■ Pagpapaalam ng pagbabago sa pook ng tirahan

Tulad ng residenteng Hapon, ipagkakaloob din sa dayuhang residente ang Residence Card sa oras na iparehistro ang pook na tinitirahan.

#### \* Para sa mga dayuhang kararating lang sa Japan

Sa loob ng 14 araw matapos itatag ang pook ng tirahan, ang mga dayuhang nabigyan ng Residence Card (tingnan ang "Babala") sa Port of Entry/Departure ay kailangang pumunta sa tanggapan o counter ng munisipyong kinabibilangan upang iparehistro ang pook ng tirahan. Kailangang dalhin ang sariling Residence Card.

(Babala) Sa kaso ng mga pasaporteng may nakasulat na "Residence Card will be issued at a later date", kailangang dalhin ang sariling pasaporte.

#### \* Para sa mga lumipat ng tirahan

Kapag may pagbabago sa pook ng tirahan ng mga Middle/ Long-term Residents, kailangang ipaalam ang pagbabagong ito sa tanggapan o counter ng munisipyong lilipatan sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paglipat. Kailangang dalhin ang sariling Residence Card.

### ■ My Number System:

Ipapaalam ng tanggapan ng munisipyo sa mga dayuhang may hawak na Residence Card, Middle/ Long-term Residents, Special Permanent Residents at iba pa, ang pagbigay ng 12-digit personal number na tinatawag na "My Number" na ipagkakaloob hindi lamang sa mga residenteng Hapon kundi pati rin sa mga dayuhang residente. Ang personal number na ito ay gagamitin sa pangangasiwa ng social security, buwis, kaligtasan sa oras ng kapahamakan at iba pa.

#### (Tungkol sa My Number System)

<https://www.kojinbango-card.go.jp>

## ■結婚をしたとき《婚姻届》

日本で結婚する場合、日本人配偶者は戸籍謄本を、外国人は下記の書類(提出書類が外国語の場合には、日本語の訳文も必要となります)を持って、居住地の市区町村役所に婚姻の届出をします。

自国の大使館又は領事館へ届出が必要な場合は、市区町村役所で婚姻届受理証明書をもらって、届出をします。在留手続きや住民登録について変更がある場合は、それらの手続きも必要となります

詳しいことは、市区町村役所に問い合わせてください。

### [必要書類]

- ① 婚姻届出書  
(市区町村役所に置いてあります。)
  - ② 婚姻要件具備証明書(結婚する相手が独身であり、自国の法律で結婚できる条件を備えているということを自国政府が証明した公的文書のことです。自国に戸籍制度がある場合には戸籍謄本がこれに当たります。)
    - ・ 日本にある大使館又は領事館で発行してもらいます。
    - ・ 日本語以外の言葉で書かれている場合は、翻訳者名を付けた日本語訳が必要です。
  - ③ パスポート
- 必要書類については、市区町村役所に確認してください。

## ■離婚をしたとき《離婚届》

夫婦のどちらかは日本人の場合、夫婦ともに同意すれば、離婚することができます。下記の書類を持って、居住地の市区町村役所に離婚の届出をしてください。

夫婦双方が外国人の離婚については、居住条件によって届出することができない場合がありますので、詳しいことはそれぞれの大蔵省又は領事館と、居住地の市区町村役所で確認してください。

## ■Kapag nagpakasal kayo <Marriage Registration>

Kapag nagpakasal kayo sa Japan, kailangan ninyo itong ipaalam sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar. Para sa mga Hapon, kailangan ang kopya ng Family Register at para naman sa mga dayuhan, kailangang ibigay ang sumusunod na mga dokumento (Kapag ang mga dokumentong kailangang ibigay ay nakasulat sa ibang wika, kinakailangan itong ipasalin sa wikang Hapon). Sa kasong kailangan ninyong ipahayag ito sa embassy o consulate ng inyong bansa, kailangang ipakita ninyo ang certificate of marriage registration na galing sa tanggapan ng munisipiyo. Kung may pagbabago sa "resident status" sa inyong pagpaparehistro bilang residente, dapat ninyong isagawa ang nararapat na pamamaraan. Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

### Mga kinakailangang dokumento

- (1) Marriage registration form  
(Maaring makuha sa tanggapan ng munisipiyo)
- (2) Certificate of legal capacity to contract marriage (Certificate na ipinagkakalooob sa tanggapan sa inyong bansa na nagpapatunay na hindi kayo kasal sa kasalukuyan at walang hadlang para ituloy ang kasal na nais ninyong isagawa. Kung may Family Register system sa inyong bansa, maaring gamitin ang "certified copy" ng Family Register)
  - Ibibigay ito ng embassy o consulate na nasa Japan
  - Kapag ito ay nasa ibang wika, kailangang ipasalin ito sa wikang Hapon, kasabay ng pirma ng tagapagsalin o translator.
- (3) Pasaporte

Para sa kinakailangang dokumento, kumpirmahan sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

## ■ KAPAG KAYO AY NAGHIWALAY O NAGDIBORSIYO <Divorce Registration>

Kapag ang isa sa inyo ay isang Japanese national, tatanggapin ang aplikasyon kung papayag ang bawat isa sa diborsiyo. Dalhin ang sumusunod na mga dokumento sa tanggapan ng munisipiyo, bayan o nayon upang isagawa ang pagrehistro ng inyong paghihiwalay o diborsiyo. Kapag parehong foreign residents o dayuhan ang nais magdiborsiyo, maaring hindi maisagawa ang pagrehisro sa inyong paghihiwalay o diborsiyo, depende sa inyong status of residence o iba pang mga kondisyon. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo sa inyong lugar.

ひつようしょるい  
[必要書類]

- ①離婚届出書  
にほんじんはいぐうしょ  
②日本人配偶者の戸籍謄本  
にほんじんはいぐうしょ こせきとうほん  
③日本人配偶者の住民票  
にほんじんはいぐうしょ じゅみんひょう

## ④パスポート

ひつようしょり  
必要書類については、市区町村役所に確認し  
てください。

## ■妊娠したとき《母子健康手帳》

にんしん  
妊娠したとき、市区町村役所に届出をすると  
「母子健康手帳」が交付されます。  
にんしん  
妊娠から生まれた子どもの予防接種、  
健康診査などを記録します。(→P34)  
詳しいことは、市区町村役所に問い合わせてく  
ださい。

■子どもが生まれたとき《出生  
届》

## ◇国籍

りょうしん  
両親のどちらかが日本人で法的結婚をしてい  
る場合は、日本国籍が取れます。同時に、  
子どもが日本以外の国籍も取る場合は、22才  
までにどちらかの国籍を選びます。  
りょうしん  
両親とも外国籍の場合は、日本で生まれても  
にほんこくせき  
日本国籍を取ることができません。両親の国  
の法律に従って国籍を取ります。

## ◇出生の手続き

- ①子どもが生まれてから 14日以内に出生地の  
市區町村役所の住民課に出生届を提出  
します。届出書は、市區町村役所にもあります  
が、通常出産した病院で渡される出生  
証明書と一緒にあります。  
・母子健康手帳の出生届出済証明の記載、  
乳幼児の医療費の助成、児童手当、  
国民健康保険に加入している人は出産一  
時金の申請や子どもの加入の手続きなど  
も市區町村役所で併せて行います。

## Mga kinakailangang dokumento

- 1) Divorce registration form
- 2) Family Register ng asawang Hapon
- 3) Resident Card (Juminhyo) ng asawang Hapon
- 4) Pasaporte

Para sa kinakailangang dokumento, kumpirmahin sa tanggapan ng munisipyoong kinabibilangan.

## ■KAPAG KAYO AY NABUNTIS &lt;Maternal and Child Handbook&gt;

Ipagkakaloob ang Maternal and Child Health Handbook pagkatapos ipaalam sa munisipyo ang sariling pagbubuntis. (Boshi Techo) Itinatala sa loob nito ang impormasyon kaugnay sa pagbubuntis, pagbakuna sa bata, pagsusuri sa kalusugan at iba pa. (→P34)

Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipyoong kinabibilangan.

## ■ KAPAG ISINILANG ANG BATA &lt;Pagpapaalam ng panganganak&gt;

## ◇ Nasyonalidad

Maaaring ipagkaloob ang Japanese citizenship sa bata kapag ang isa sa mga magulang ay Hapon at legal na ikinasal. Kapag may ibang nasyonalidad ang bata maliban sa Japanese nationality, hanggang sa ika 22 taong kaarawan ay kailangang piliin kung aling nasyonalidad ang nais gamitin.

Hindi maaaring ipagkaloob ang Japanese citizenship kapag parehong dayuhan ang mga magulang ng bata kahit na ipinanganak ito sa Japan. Kailangang gawin ang mga pamamaraan sa pagkuha ng citizenship sang-ayon sa batas ng bansang pinanggalingan ng mga magulang.

## ◇ Pagpapaalam ng kapanganakan

- 1) Kailangang ibigay ninyo ang pagpapaalam ng kapanganakan o Notification of birth sa Residents Section ng tanggapan ng munisipyo sa pook ng kapanganakan, 14 araw matapos isilang ang bata. Maari ninyong kunin ang notification form sa tanggapan ng munisipyo. Kadalasan ay ibinibigay ito kasabay ng birth certificate na ibinibigay ng ospital kung saan ipinanganak ang bata.
<http://www.ur-net.go.jp/east/about/inquiry.html>

## (3) Detalye ukol sa mga bahay at apartment na pinaparentahan

1) Uri ng pabahay o housing: rental house, apartment, mansion (condominium), lodging, at iba pa.

2) Ayos ng kuwarto: ang kombinasyon ng dami ng kuwarto at alphabet, tulad ng L (Living room), D(Dining room), at K (Kitchen). Halimbawa: 2LDK, 3LDK, at iba pa. Ang sukat o laki ng kuwarto ay maaring ipahayag sa dami ng tatami mat. Ang isang tatami mat ay katumbas ng 180 cm x 90 cm.

3) Bagama't nakahanda na ang mga pasilidad para sa elektrisidad, tubig at gas, bago magamit ang mga ito ay kailangang gawin mismo ng residente ang mga pamamaraan sa pagbukas sa mga serbisyon nabanggit.

## ◇ Mga gastos na maaring bayaran

Sa pagsagawa o pagpirma ng kontrata, kailangan ninyo ng sapat na pera o cash upang bayaran ang renta, maintenance fee, deposito, key money, at ang realtor's fee.

- はら  
払います。
- ①家賃:月ごとに前払いいで支払います。
- ②共益費:階段や通路などの共用部分の  
電気代、清掃費等です。
- ③敷金:家賃の滞納や部屋の損傷に対する  
補償金として家主に預けるお金で、家賃の1  
ヶ月分程度です。引越しのとき部屋の  
修理代を差し引いて残りがあれば返金され  
ます。
- ④礼金:契約成立時に家主に謝礼として払う  
お金で、家賃の1~2ヶ月分程度であり、  
返金されません。
- ⑤仲介手数料:通常、不動産会社に  
払います。家賃の1か月以内です。

- ◇注意事項
- ①契約時には保証人が必要な場合があります。  
保証人がいないときは、保証会社を利用できる場合があります。
- ②家主の許可なく住宅(部屋)の改装はできません。
- ③契約時に決めた借家人以外の人と一緒にす  
むことはできません。
- ④通常、契約期間は2年です。2年経つと契約  
の更新をしなければなりませんが、その際、  
家賃が変更されることもあります。

## ■電気・ガス・水道

- (1) 電気
- 千葉県の電力は50Hz(ヘルツ)100V(ボルト)です。周波数、電圧の違う電気器具は調整が必要です。
- 入居して電気を初めて使用するときは、ブレーカーのスイッチをオンにして電気を通します。電気が来ていることを確認し、住居に備え付けてある「電気使用申込書」に名前、入居日などを記入し電力事業者へ送ります。

- 1) Renta: babayaran ninyo ito ng "advance" bawat buwan.
- 2) Maintenance fee: sakop nito ang gastos para sa pagpapalit ng ilaw, paglilinis ng mga hagdanan at iba pang lugar na ginagamit ng mga nakatira sa loob ng gusali.
- 3) Deposito: ang renta para sa isa o dalawang buwang pagtira ay babayaran ninyo sa may-ari ng gusali o "Landlord", para sa anumang pagkumpuni o bilang isang garantiya sa oras na hindi kayo makapagbayad ng inyong renta. Sa oras na kayo ay umalis, ang perang inilaan bilang deposito ay gagamitin para sa pag-ayos o pagkumpuni sa kuwarto para gamitin ng susunod na uupa nito at ang anumang matitira ay ibabalik sa inyo.
- 4) Key money: ito ay isang "one-time, non-refundable payment" na kabuuang renta para sa isa hanggang dalawang buwan, na babayaran ninyo sa may-ari ng bahay o gusali.
- 5) Realtor's fee: ito ay ang halaga na babayaran ninyo sa real estate agent bilang "commission". Katumbas ng isang buwang renta.
- ◇ Mga babala o paalala
- 1) Sa pagsagawa ng kontrata, maaring hilingin na magkaroon kayo ng isang guarantor. Kung wala kayong guarantor, maaring gamitin ang isang "guarantee company".
- 2) Hindi maaring baguhin o i-remodel ang bahay (o kuwarto) ng walang pahintulot mula sa may-ari nito.
- 3) Hindi maaring magpatira ng ibang taong hindi sakop ng kontrata sa pagrenta.
- 4) Karaniwan, ang tagal ng kontrata ay dalawang taon. Kailangang gawin ang renewal o pagbabago sa kontrata pagkalipas ng dalawang taon, kung saan maaaring magkaroon ng pagbabago sa halaga ng renta.

## ■ Elektrisidad, Gas, Tubig

### (1) Elektrisidad

Ang elektrisidad sa Chiba Prefecture ay 100 Volts, 50 Hz. Kaya kailangang i-adjust ninyo ang anumang kasangkapang may iba't-ibang frequency o voltage level. Upang gamitin ang elektrisidad sa inyong bagong tirahan, kailangang nasa "on" ang circuit breaker. Pagkatapos masiguro na dumadaloy ang elektrisidad, isagawa ang isang application form para sa paggamit ng elektrisidad. Isinasagawa ito para ipaalam sa Electric Power Company ang pangalan ng nakatira o gumagamit ng elektrisidad, petsa ng paglipat, at iba pang mga detalye.

Maaring bayaran ang singil sa elektrisidad o electric bills sa

電気料金の支払いは、銀行又は郵便局の口座から自動振替にするか、所定の振込票(入金フォーム)により銀行・郵便局・コンビニエンスストア等から支払います。引越しするときは電気を止めるので、前もつて、電力事業者に連絡します。

## (2) ガス

日本には都市ガスとプロパンガスの2種類のガスがあります。ガスの種類に合ったガス器具を使う必要があります。ガスの種類に合わないガス器具を使用すると、火災や不完燃焼を起こす場合があるので危険です。

### ①都市ガス

都市ガスを使い始めるときは、事前に近くのガス会社に連絡します。連絡をするとガス会社の係員が来て、ガスの元栓を開き、ガスもれやガス器具の安全点検をします。ガス料金は銀行口座から毎月自動振込みにするか、振込通知書により銀行、郵便局、コンビニエンスストア等から支払います。

### ②プロパンガス (LPガス)

賃貸アパートなどによっては、プロパンガスを利用する場合があります。プロパンガスはボンベに入っています。使用時の注意や支払い方法については、家主やアパートの管理会社に問い合わせてください。

## (3)水道

日本の水道水は、飲料水としても使用できます。水道を使い始めるときは、水道を管理している千葉県企業局や居住地の市町村の水道担当課などに連絡し、元栓を開けてもらいます。水道料金は銀行口座の自動振込にするかのうにゆうつうちしょふりこようれんらくようし納入通知書(振込み用連絡用紙)により

pamamagitan ng "automatic transfer" mula sa inyong savings account sa bangko o Koreo, o di kaya'y sa pamamagitan ng "payment slip" na nakalaan sa mga bangko, Koreo o convenience stores.

Kung kayo ay aalis na sa kasalukuyang tirahan, kailangang ipaalam agad ninyo ito sa Electric Power Company upang maitigil ang inyong elektrisidad.

## (2) Gas

Sa Japan, ang city gas at propane gas ang dalawang uri ng gas ng ginagamit. Kaya dapat siguruhing gamitin ang kasangkapang naaangkop sa bawat uri ng gas na nabanggit. Kapag hindi nababagay ang kasangkapan para sa pook na inyong tinitirhan, ang paggamit nito ay maaring maging sanhi ng sunog o "imperfect combustion".

### 1) City gas

Sa paglipat ninyo sa bagong tirahan, ipaalam agad ito sa kompanya ng gas. Sa pagtawag ninyo sa kompanyang gas, magpapadala ng isang "serviceman" sa inyong tirahan upang buksan ang "gas valve" at suriin ang mga kasangkapang gamit ninyo sa bayah.

Maaring bayaran ang singil o bayarin sa gas sa pamamagitan ng "automatic transfer" mula sa inyong savings account o di kaya'y sa pamamagitan ng "invoice o payment slip" na nakalaan sa mga bangko, Koreo o convenience stores.

### 2) Propane gas (LP gas)

Depende sa apartment na pinauupahan, may mga lugar na gumagamit ng propane gas. Ang propane gas ay nasa loob ng gas cylinders. Para sa mga babala sa paggamit at paraan ng pagbayad, sumangguni sa kompanyang nangangasiwa sa apartment o sa may ari mismo.

## (3) Tubig

Ligtas at maaring inumin ang karaniwang tubig (tap water) sa Japan. Sa paglipat ninyo sa inyong bagong tirahan, ipaalam ito sa Chiba Prefecture Enterprise Bureau o sa Waterworks Section ng tanggapan ng munisipyo, upang mabuksan ang inyong "water valve".

Maaring bayaran ang singil sa tubig sa pamamagitan ng "automatic transfer" mula sa inyong savings account sa bangko o di kaya'y sa pamamagitan ng invoice o payment slip. Kung kayo ay aalis na sa inyong tirahan, kailangang

支払います。引越しをするときは水道局に連絡し、水道料金を精算します。  
詳しいことは、千葉県企業局又は市町村役所の水道担当課に問い合わせてください。

県水お客様センター

電話: 0570-001245

月～金: 午前8:45～午後6:00

土曜: 午前8:45～午後5:00

ipaalam ninyo ito sa Chiba Prefecture Enterprise Bureau at bayaran ang anumang natitirang mga singil o bayarin.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa Chiba Prefecture Enterprise Bureau o sa Waterworks Section ng tanggapan ng munisipyo sa inyong lugar.

Chiba Prefecture Enterprise Bureau Customer Center

Numerong telepono: 0570-001245

Oras ng pagbukas: Lunes hanggang Biyernes - 8:45 a.m. hanggang 6:00 p.m.

Sabado - 8:45 a.m. hanggang 5:00 p.m.

## ■ 引越し

引越しをするときには、次のような手続きが必要になります。

① 市区町村役所の窓口への届出: 中長期在留者の方が、住居地を変更した時は、移転した日から14日以内に、在留カードと転出地の市町村から発行された転出証明書を持参の上、移転先の市区町村役所の窓口でその住居地を届け出してください。

② 国民健康保険証の申請: 市区町村役所の国民健康保険担当係

③ 運転免許証の住所変更: 転入先の所管警察署又は運転免許センター

④ 電気・水道・ガス・電話・郵便局: 少なくとも2～3日前までに電力会社、ガス会社、水道、NTT（電話）、郵便局などへの連絡が必要です。引越しの当日に各会社の係員がメーターをチェックして精算してくれます。郵便局では新しい住所へ郵便物を転送（1年間）してくれるサービスがあります。

⑤ 印鑑登録: 転出してきた市区町村で申請したもののは使えなくなります。

## ■ Paglipat

Sa inyong paglipat, kailangang isagawa ang mga sumusunod.

- 1) Pagbigay-alam sa tanggapan o counter ng munisipyo: Sa kaso ng pagbabago sa tirahan ng Middle/Long-Term Residents, kailangang pumunta sa tanggapan ng munisipyoong lilipatan at dalhin ang sariling Residence Card at Moving-out Notification na tinanggap mula sa munisipyo ng dating tirahan upang ipaalam ang nabanggit na pagbabago sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paglipat.
- 2) Aplikasyon para sa National Health Insurance Card: maaring isagawa sa tanggapan ng National Health Insurance sa tanggapan ng munisipyo sa lugar na lilipatan.
- 3) Upang palitan ang address sa lisensya ng pagmamaneho: Pumunta sa estasyon ng pulis na may hurisdiksyon sa lilipatang address o kaya sa isang Driver's License Center.
- 4) Elektrisidad, tubig, gas, telefono, Koreo: kailangang ipaalam ninyo ang inyong paglipat sa kompanya ng elektrisidad, gas, tubig, telefono (NTT), Koreo, at iba pa, sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw bago lumipat. Sa araw ng paglipat, magpapadala ng isang serviceman mula sa bawat kompanya upang isagawa ang pagbasa ng metro at pagkulekta ng anumang mga balanse sa inyong singil o bayarin. Maaring ipakiusap sa Koreo ang paglipat ng inyong mga sulat o mail patungo sa lugar na lilipatan (na isasagawa sa loob ng isang taon).
- 5) Pagrehistro ng stampa o Name Seal: hindi ninyo maaring gamitin ang stampang nakarehistro sa munisipyo ng lumang tirahan.

■ 日本の祝日  
にほん しゅくじつ

■ Mga Piesta Opisyal sa Japan

にほん しゅくさいじつ  
日本の祝祭日

(Piesta Opisyal sa Japan)

Petsa	Wikang Hapon	Romaji	Pangalan ng Piesta Opisyal
1月 1日	元日	Ganjitsu	Bagong taon
1月第2月曜日	成人の日	Seijin no hi	Coming of age day o pagpakilala sa lipunan
2月 11日	建国記念の日	Kenkokukinen no hi	National foundation day
2月 23日	天皇誕生日	Tennou tanjyoubi	Kaarawan ng Emperador
3月 21日*	春分の日*	Shunbun no hi	Vernal Equinox day
4月 29日	昭和の日	Shouwa no hi	Showa day
5月 3日	憲法記念日	Kenpou kinenbi	Constitution memorial day
5月 4日	みどりの日	Midori no hi	Greener day
5月 5日	子供の日	Kodomo no hi	Araw ng mga bata o Children's day
7月の第3月曜日	海の日	Umi no hi	Marine day o araw ng dagat
8月 11日	山の日	Yama no hi	Araw ng kabundukan
9月の第3月曜日	敬老の日	Keirou no hi	Araw ng pagrespeto sa mga matatanda
9月 23日*	秋分の日*	Shubun no hi	Autumnal Equinox day
10月の第2月曜日	スポーツの日	Supotsu no hi	Araw ng paligsahan o sports
11月 3日	文化の日	Bunka no hi	Araw ng kultura
11月 23日	勤労感謝の日	Kinroukansha no hi	Labor-Thanksgiving day

\*Paalala: maaring magbago ang mga araw sa mga bahaging may markang \*.

■ 覚えておくと便利なミニ情報  
おぼべんりょうじょうほう

- あいさつ: きんじょ しきょば しひと あ ったときには、朝は「おはよう(ございま す)」、日中は「こんにちは」、夜は「こんば んは」と言いながら会釈します。
- 食事のとき: 食べ始める際に「いただきます」、食べ終わった際には「ごちそうさま」と言います。
- 日本の家屋: 通常、玄関が部屋よりも一段低くなっています。家の 中に入ると、玄関で靴を脱いで上がります。室内用スリッパがある場合は履きますが、畳の部屋ではスリッパは脱ぎます。
- 手洗い(トイレ): 洋式と和式のトイレがあります。和式トイレは、便器の上にしゃがんで用を足します。トイレットペーパー以外の物を便器に捨てるところはNGです。
- 風呂: 日本式の風呂では、浴槽の外で体を洗ってから、浴槽につかります。湯は1人に入るごとに替えるので、後から入る人の

■ Konting impormasyon na maaring makatulong

- Pagbati: Sa oras na makita ninyo ang isang kakilala mula sa pook ng trabaho o mga kapitbahay, maaring magbigay-galang sa mga ito sa pamamagitan ng pagyukod habang binabati sila ng "Ohayo (gozaimasu)" kapag umaga, "Konnichiwa" para sa tanghali o hapon at "Konbanwa" naman para sa gabi.
- Sa oras ng pagkain: ang pagbati bago kumain ay "Itadakimasu" at "Gochiso-sama deshita" pagkatapos kumain.
- Bahay sa Japan: Karaniwan, ang pasukan (genkan) ay mas mababa ng isang hakbang kumpara sa loob ng silid. Bago pumasok sa loob ng bahay, kailangang tanggalin muna ang sapatos. Magsuot ng tsinelas o slippers na nakalaan para sa loob ng bahay, pero kailangang tanggalin ito kapag papasok sa isang silid na may sahig na gawa sa "tatami".
- Kubeta: May western style at traditional Japanese style na kubeta. Para sa Japanese style, kailangang "squatting position" ang gawin ninyo sa paggamit ng kubeta. Iwasan ang pagtapon ng anumang bagay maliban sa toilet paper upang hindi bumara ang kubeta.
- Paliguan (Furo): Sa Japanese style na paliguan, kailangang paliguan muna ng maigi ang katawan bago

ために、きれいに使いましょう。

- ・チップ: 日本ではチップを渡す習慣はありません。
- ・レストランやホテル等では、請求料金にサービス料が含まれていることがあります。
- ・自治会(町内会)と子供会: 地域の住民の助け合いや親睦の場として町内ごとに組織されています。入会は任意ですが、入会すると自治体の広報や地域の行事の情報を得ることができます。清掃活動、防犯活動、防災活動、盆踊りや運動会などの行事も行っています。お知らせは、通常、「回観板」で回ってきますので、読んだら順番に次の人に回します。

## ■ゴミの処理

家庭から出るゴミは、通常、燃えるゴミ、燃えないゴミ、ビン・缶、資源物など市町村で決められた種類に分別し、決められた日時に、決められた場所に出します。粗大ゴミや処理が難しいゴミは、有料で個別に処理します。エアコン、テレビ、冷蔵庫、洗濯機の4品目は、粗大ゴミにして出すことができませんので、有料で販売店に引き取ってもらいます。

ゴミの分け方や出し方は、地域ごとに決められていますので、近所の人に確認するか、市区町村役所に問い合わせてパンフレットなどをもらってください。

pumasok sa bathtub. Hindi papalitan ang tubig matapos itong gamitin, kaya kailangang manatili itong malinis para sa susunod na gagamit nito.

- Tip: Sa Japan, hindi kinaugalian ang pagbibigay ng tip.
- Sa mga restaurant, hotel, at iba pa, ang service fee ay maaring nakapaloob na sa invoice.
- Samahan ng mga residente (samahan ng mga magkakapitbahay) at samahan ng mga kabataan: mga organisasyon pangkomunidad kung saan nagtutulungan ang mga residente sa palakaibigan na tagpuan. Boluntaryo ang pagsali sa mga ito pero kung ikaw ay naging miyembro, makatatanggap ka ng pampublikong pahayagan mula sa lokal na pamahalaan at impormasyon tungkol sa mga lokal na kaganapan. Nag-aayos din sila ng iba't ibang aktibidad na may kaugnayan sa paglinis ng bayan, pagbantay laban sa krimen, pag-iwas sa sakuna, sayaw sa pista ng Bon, at mga palaro. Kadalasan, ang impormasyon ay pinapaikot isa-isa sa bawat residente kaya pagkatapos basahin ang anunsyo, kinakailangan ipasa ito sa susunod na tao.

## ■ Paraan ng pagtapon ng basura

Ang mga basura mula sa tahanan ay karaniwang ibinubukod sang-ayon sa uri at itinatapon sa araw at lugar na itinakda ng munisipyo. Ibinubukod ito bilang mga basurang sinusunog, hindi sinusunog, bote, lata, mga bagay na maaaring i-recycle, at iba pa. Ang mga malalaking basura o mga basurang mahirap itapon, ay bukod na itinatapon. May singil ang pagtapon ng mga ito. Ang aircon, telebisyon, refrigerator at washing machine ay apat na mga bagay na hindi maaring itapon bilang malalaking basura o “oversized garbage”. Kailangang ipakulekta ang mga ito sa pamamagitan ng mga tindahan o retail shops at bayaran ang nararapat na singil.

Iba’t-iba ang pamamaraan ng pagbukod at pagtapon sa bawat rehiyon, kaya magtanong sa inyong kapitbahay o di kaya'y sumangguni sa tanggapan ng munisipyo upang tumanggap ng mga pamphlet.

## 役に立つ言葉

### Mga kapaki-pakinabang na mga salita:

①ゴミの置き場はどこですか？	Gomi okiba wa doko desu ka?	Nasaan ba ang tapunan ng basura?
②ゴミを出す日、時間を教えてください。	Gomi o dasu hi to jikan o oshiete kudasai.	Pakituro ninyo sa akin ang araw at oras ng pagtapon ng mga basura
③ゴミの分け方を教えてください。	Gomi no wakekata o oshiete kudasai.	Pakituro ninyo sa akin ang paraan ng pagbukod ng mga basura.
④ゴミ袋はどこに売っていますか？	Gomibuko wa doko de utte imasu	Saan ba nagbebenta ng mga supot

やくしょ でんわ はんこう なんばん ⑤役所の電話番号は何番ですか？	ka?	ng basura o garbage bag?
	Shichoson yakuba no denwa bango wa nanban desu ka?	Ano ba ang numero ng telefono ng munisipiyo?

## ■ペットを飼うとき

### ①犬の登録及び予防接種

犬を飼うときは、登録と狂犬病の予防注射が義務付けられています。生後91日以上の飼い犬を所有したときは、30日以内に市町村役所で犬の登録を申請します。また、犬が死亡したり、所在地を変更したり、犬の所有者が変更した場合も30日以内に申請します。登録をすると「鑑札」が交付されますので、それを必ず犬につけます。毎年1回、狂犬病の予防注射を受けさせなければなりません。

詳しくは市町村役所にお問い合わせください。

②犬や猫が飼えなくなった時・死んだとき  
犬や猫を飼い続けることが困難になった場合には、できるかぎり新しい飼い主を見つけてください。どうしても新しい飼い主が見つからないときは、地域の保健所か動物愛護センターに相談してください。ペットが死んだ時は、最寄の清掃事務所又はペット霊園に相談してください。  
動物愛護センター  
富里市御料709-1  
電話:0476-93-5711  
動物愛護センター(東葛飾支所)  
柏市高柳1018-6  
電話:04-7191-0050

### ③その他

集合住宅の中には、ペットの飼育を禁止しているところがあります。集合住宅でペットを飼うときは、賃貸借契約書を事前に確認してください。

## ■ Pagkukkop o pag-aalaga ng mga hayop

### 1) Pagrehistro at pagbakuna sa mga aso

Sa Japan, ang mga aso na nasa 91 araw o higit ay kailangang magpabakuna laban sa rabies at iparehistro sa lokal na munisipiyo sa loob ng 30 araw matapos kupkupin. Ang pagkamatay ng aso, pagbabago ng tirahan o anumang pagbabago sa pag-aari nito, ay kailangang iparehistro. Ang isang "Proof of registration" (Kansatsu) ay ipinagkakalooob matapos ang pagrehistro at kailangan itong ikabit sa kulyar ng aso. Kailangang magpabakuna ang inyong aso ng isang beses bawat taon.

Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipiyo.

### 2) Sa oras na hindi na ninyo kayang kupkupin ang aso o kapag namatay na ito:

Sa kasong nahihiapan kayong kupkupin ang inyong aso o pusa, kailangang humanap kayo ng taong maaring kumupkop nito. Kung hindi kayo makahanap ng kukukkop sa inyong alagang hayop kahit anuman ang gawin ninyo, kumunsulta sa Public Health Center sa inyong lugar o sa Animal Protection Center. Kapag namatay ang inyong alagang hayop, tawagan agad ang pinakamalapit na tanggapan ng Sanitation Office o libingen ng mga hayop. Animal Protection Center.

Tomisato-shi Goryo 709-1

Numero ng telefono: 0476-93-5711

Animal Protection Center (sangay o branch sa Higashi Katsushika)

Kashiwa-shi Takayanagi 1018-6

Numero ng telefono: 04-7191-0050

### 3) Iba pa

May mga apartment complex na nagbabawal sa pagkukkop ng mga hayop sa loob ng tirahan. Kung nais ninyong mag-alaga o kumukop ng hayop, kumpirmahin muna ang mga kondisyon o patakaran sa kontrata ng pagrengta ng inyong tirahan.

## ■物を買ったり、サービスを受けたり、トラブルにあったとき

消費者相談窓口では、身近な商品の品質やサービスなど消費生活に関する相談、悪質商法や契約のトラブルにあったときの相談を受け付けています。

### ◇千葉県消費者センター

電話: 047-434-0999

相談時間: 月曜日～金曜日(祝祭日を除く) 午前9:00～午後4:30  
土曜日 午前9:00～午後4:00

<http://www.pref.chiba.lg.jp/customer/soudan/chiba.html>

### ◇国民生活センター

[http://www.kokusen.go.jp/ncac\\_index\\_e.html](http://www.kokusen.go.jp/ncac_index_e.html) (英語)

## ■Kapag may problema sa pagbili ninyo ng mga produkto o serbisyo

Ang Consumer Resource Center ay tumatanggap ng konsultasyon ukol sa kalidad ng mga produkto o serbisyo tinanggap pati na ang mga problemang sanhi ng panloloko (malicious commercial practice) o mga problema sa kontrata.

### ◇Chiba Prefectural Consumer service Center (Chiba-ken Shohisha Center)

Numero ng telefono: 047- 434 - 0999

Maaring kumunsulta mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga Piyesta Opisyal) mula 9:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon

Sabado 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon  
<http://www.pref.chiba.lg.jp/customer/soudan/chiba.html>

### ◇National Consumer Affairs Center of Japan

[http://www.kokusen.go.jp/ncac\\_index\\_e.html](http://www.kokusen.go.jp/ncac_index_e.html) (Ingles)

### 市町村消費生活センター

#### (Consumer Consultation Centers)

Lugar	Numero ng telefono	Oras ng konsultasyon
千葉 (Chiba)	043-207-3000 (direto)	9:30am~4:30pm (Lunes hanggang Sabado) *Tawag lamang
銚子(Choshi)	0479-24-8194	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
市川(Ichikawa)	047-320-0666	10:00am~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes, ikalawa at ikaapat na Sabado)
船橋(Funabashi)	047-423-3006	9:00am~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes, ikalawa at ikaapat na Sabado)
木更津(Kisarazu)	0438-20-2234	10:00am~4:00pm
松戸(Matsudo)	047-365-6565	8:30am~4:00pm
野田(Noda)	04-7123-1084	10:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
茂原(Mobara)	0475-20-1101	9:30 am ~ 12:00pm, 1:00 pm ~ 4:00 pm
成田(Narita)	0476-23-1161	9:30am~4:30pm
佐倉(Sakura)	043-483-4999	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
旭(Asahi)	0479-62-8019	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
習志野(Narashino)	047-451-6999	9:30am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm (Lunes hanggang Biyernes at kada ikalawang Sabado ng buwan)
柏(Kashiwa)	04-7164-4100	9:00am~4:30pm(Lunes hanggang Biyernes) 9:00am~4:30pm (ikatlong Sabado, sa telefono)
市原(Ichihara)	0436-21-0999	9:00am~12:00pm, 1:00pm~3:30pm
流山(Nagareyama)	04-7158-0999	9:00am~4:30pm
八千代(Yachiyo)	047-485-0559	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm

Lugar	Numero ng telepono	Oras ng konsultasyon
我孫子(Abiko)	04-7185-0999	10:00am~5:30pm (Lunes hanggang Biernes, ikalawa at ikaapat na Sabado)
鎌ヶ谷(Kamagaya)	047-445-1141	10:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
君津(Kimitsu)	0439-56-1529	Bukas lamang tuwing Lunes, Miyerkules, Huwebes, Biernes 9:00am~12:00pm, 1:00pm~3:00pm
浦安(Urayasu)	047-390-0030	10:00am~4:00pm
四街道(Yotsukaido)	043-422-2155	9:00am~4:00pm (Bukas din tuwing ika-una at ikatlong Sabado)
袖ヶ浦(Sodegaura)	0438-62-2111(577)	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
八街(Yachimata)	043-443-9299	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
印西(Inzai)	0476-42-3306	9:30am~12:00pm, 1:00pm~4:30pm
白井(Shiroi)	047-492-1111(3294)	10:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
富里(Tomisato)	0476-93-5348	10:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
香取(Katori)	0478-50-1300	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
山武(Sanmu)	0475-82-8453	9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:30pm
東金(Togane)	0475-50-1238	10:00am~12:00pm, 1:00pm~3:00pm
匝瑳(Sosa)	0479-74-7007	Lunes, Martes, Huwebes, Biernes 9:00am~12:00pm, 1:00pm~4:00pm
大網白里 (Oamishirasato)	0475-70-0344	Lunes, Martes, Miyerkules, Biernes 10:00am ~ 12:00pm, 1:00pm ~ 3:00pm

Paalala: Sa pagsangguni sa mga centers na nabanggit sa itaas, kailgangang marunong magsalita ng wikang Hapon.

Ang araw ng pagsangguni ay mula Lunes hanggang Biernes lamang. Kung mayroon mang ibang araw na maaaring makapagsangguni, ito ay nakasaad sa listahan ng sanggunian sa itaas.

**■銀行で口座を開設するとき**  
 口座開設の申込みには、パスポートや在留カードなどの本人が確認できる書類などと、印鑑またはサイン、社員証又は学生証が必要です。同時に、キャッシュカードをつくると、ATM（現金自動預払機）やCD（現金自動払機）で入金・払い戻し・振込・残高照会をすることができて便利です。  
 帰国するときは、解約しましょう。

## ■ Pagbukas ng Bank Account

Sa pagbukas ng bank account, kailangang ipakita ang pasaporte, residence card, at iba pang mga dokumento na maaaring magpatunay sa sarili. Kailangan din ang sariling stampa o pirma, employee ID card o student ID card. Sa pag-apply para sa inyong account, mas maigi kung sabay ninyong ipagawa ang isang cash card. Sa pamamagitan ng cash card na ito, maari kayong mag-withdraw at magdeposito ng pera sa mga Cash Dispensers (CD) o Automatic Teller Machines (ATM).

Ikansela ito kapag uuwi na sa sariling bansa.

**■公共料金の支払**  
 電気、ガス、水道、電話、NHKなどの料金は、毎月決まった日までに、それぞれの会社に納入しなければなりません。銀行などの金融機関に普通預金の口座を持つている人は、その口座からこれらの料金を期日までに自動的に払ってくれる口座振替制度を利用すると便利です。  
 現金での支払いのほか、コンビニエンスストアやクレジットカードでも支払えます。

## ■ Paano bayaran ang mga “Public utility” bills

Bawat buwan sa itinakdang araw, kailangang bayaran ninyo ang mga singil sa paggamit ng elektrisidad, gas at tubig, telefono, NHK fee, at iba pa. kung kaya ay may “ordinary account” sa isang bangko o anumang financial institution, mas maigi na bayaran ninyo ang mga itinakdang bayarin o singil sa pamamagitan ng Automatic Payment (Koza Furikae).

Bukod sa pagbayad ng cash, maaari din na gamitin ang convenience stores o credit card.

## ■新聞

日本では、近くの新聞代理店に申し込むと、毎日、朝と夕方に配達をしてもらいます。なん種類かの外国語の新聞もありますので、近くの新聞代理店に問い合わせてください。

## ■テレビ・ラジオ

### (1) テレビ

家やアパートにテレビを取り付けた場合、日本放送協会（NHK）との受信契約が必要になります。NHKは公共の放送局です。受信料は2か月ごとに支払うことになります。6か月分、12か月分を前払いすることもできます。銀行口座からの振替、クレジットカードや振込用紙による支払い方法があります。

多くの外国の映画やニュースを含む番組が、原語と日本語で放映されています。TVの多重音声機能により、原語又は日本語に切り替えることができます。

大規模地震の警戒宣言、津波警報が発せられた場合は、NHK（1チャンネル）、衛生放送TVの副音声で、英語の放送を聞くことができます。

## ■Diyaryo o pahayagan

Sa Japan, kung nais ninyong mag-subscribe ng diyaryo sa isang “local distributor”, ihahatid sa inyo ang diyaryo tuwing umaga at gabi. May mga diyaryo sa Japan na nasa wikang Ingles, kaya magtanong sa tanggapan ng diyaryo o distributor sa inyong lugar.

## ■ Telebisyon at radyo

### (1) Telebisyon

Kapag nagpakabit kayo ng telebisyon sa inyong bahay, kailangang gumawa ng kontrata sa Japan Public Broadcasting Corporation (NHK) para sa paggamit ng serbisyo. Ang broadcasting fee ay binabayaran bawat dalawang buwan. Maari ninyong bayaran ito sa pamamagitan ng credit card, payment slip o ipabawas ng direkta sa inyong bank account. Puwedeng gawin ang advance payment para sa 6 buwan at 12 buwang bahagi ng singil.

Maraming mga pelikula at programang banyaga ang pinapalabas sa telebisyon sa Japan sa orihinal na lingwahe at sa wikang Hapon. Maaring piliin ang nais na lingwahe o wika sa pamamagitan ng “bilingual capability” ng telebisyon. May English broadcasting sa NHK TV (Channel-1) at mga “dubbed version” sa Satellite TV, na ipinapalabas para sa pagbigay ng babala sa pagdating ng malaking lindol at tsunami (tidal wave).

## (2) ラジオ

千葉県内で聞けるラジオステーションはたくさんありますが、日本のラジオの周波数は他の国と異なり外国のラジオは使用できませんので、日本製のラジオが必要になります。なお、次のステーションで外国語による放送を聞くことができます。

American Forces Network(AFN) : Tokyo AM 810

Inter FM: FM 89.7MHz

毎日24時間英語を中心に放送、スポットインフォメーション等を北京語、ハングル韓国語、タガログ語、スペイン語、ポルトガル語

## (2) Radyo

Maraming estasyon ng radyo na maaring pakinggan sa loob ng Chiba, pero kailangan ninyo ng radyong maaring gamitin sa Japan dahil iba ang “radio frequency” na ginagamit sa Japan kumpara sa ibang bansa at karamihan sa mga radyo galing sa ibang bansa ay hindi gumagana sa Japan. Ang sumusunod na mga estasyon ng radyo ay may mga balita sa iba’t-ibang wika.

American Forces Network(AFN): Tokyo AM 810

Inter FM: FM 89.7 MHz

24-oras na broadcast sa salitang Ingles. Mga “spot information” at iba pa, pahayag o broadcast sa wikang Mandarin, Koreano, Tagalog, Espanyol at Portuguese

## ■図書館

## ■Aklatan o Library

千葉県にある主な図書館

## Mga pangunahing aklatan sa Chiba Prefecture

Aklatan	Pook o lugar at numero ng telefono
千葉県立中央図書館 (Chiba Prefectural Library)	Chiba-shi Chuo-ku Ichiba-cho 11-1 043-222-0116
県立西部図書館 (Chiba Prefectural West Library)	Matsudo-shi Sendabori 657-7 047-385-4133
県立東部図書館 (Chiba Prefectural East Library)	Asahi-shi ha no 349 0479-62-7070
千葉市中央図書館 (Chiba City Central Library)	Chiba-shi Chuo-ku Benten 3-7-7 043-287-3980
千葉市みやこ図書館 (Chiba City Miyako Library)	Chiba-shi Chuo-ku Miyako-cho 3-11-3 043-233-8333
市原市立中央図書館 (Ichihara Municipal Central Library)	Ichihara-shi Sarashina 5-1-51 0436-23-4946
習志野市立新習志野図書館 (Narashino City Shin Narashino Library)	Narashino-shi Akitsu 3-6-3 047-453-3399
船橋市中央図書館 (Funabashi City Central Library)	Funabashi-shi Honcho 4-38-28 047-460-1311
船橋市西図書館 (Funabashi City West Library)	Funabashi-shi Nishifuna 1-20-50 047-431-4385
船橋市北図書館 (Funabashi City North Library)	Funabashi-shi Futawa Higashi 5-26-1 047-448-4899
市川市中央図書館 (Ichikawa City Central Library)	Ichikawa-shi Onitaka 1-1-4 047-320-3333
浦安市立中央図書館 (Urayasu Central Public Library)	Urayasu-shi Nekozane 1-2-1 047-352-4646
白井市立図書館 (Shiroi Public Library)	Shirai-shi Fuku 1148-8 047-492-1122

我孫子市民図書館 (Abiko City Library)	Abiko-shi Wakamatsu 26-4 04-7184-1110
印西市立大森図書館 (Inzai Omori Public Library)	Inzai-shi Omori 2535 0476-42-8686
佐倉市立志津図書館 (Sakura Shizu Public Library)	Sakura-shi Nishi Shizu 4-1-2 043-488-0906
佐倉市立佐倉南図書館 (Sakura South Public Library)	Sakura-shi Sanou 2-37-13 043-483-3000
成田市立図書館 (Narita Public Library)	Narita-shi Akasaka 1-1-3 0476-27-4646
八街市立図書館 (Yachimata Public Library)	Yachimata-shi Yachimata Ho 800-1 043-444-4946
富里市立図書館 (Tomisato Public Library)	Tomisato-shi Nanae 653 -1 0476-90-4646
横芝光町立図書館 (Yokoshibahikari Public Library)	Yokoshiba-Hikari-machi Miyagawa 11917 0479-84-3311
袖ヶ浦市立中央図書館 (Sodegaura Public Library)	Sodegaura-shi Sakado-Ichiba 1393-2 0438-63-4646

千葉県には県立図書館が3館、市町村立図書館が72館の、合計75館の公立図書館があり、千葉県に住んでいる人は誰でも利用できます。

<http://www.library.pref.chiba.lg.jp/guide/librarylist>

図書館カードの申込みには運転免許証、会社の身分証明書、在留カードなど住所を確認できるものが必要です

Sa aklatan ng Chiba Prefecture, may tatlong prefectoral library at 72 local library na bumubuo sa 75 na aklatan o library, na bukas para sa lahat ng nakatira sa loob ng prefecture.

<http://www.library.pref.chiba.lg.jp/guide/librarylist>

Upang mag-aplay para sa library card, kinakailangang magdala ng ID kung saan maaaring kumpirmahan ang iyong address, tulad ng lisensya ng pagmamaneho, ID ng kumpanya, residence card, atbp.

## ■観光

千葉県では、「まるごとeちば」サイトで、おすすめスポットやイベントなどの情報を提供しています。また、全国の観光サイトや交通機関の情報なども見ることができ、便利です。

<http://maruchiba.jp/>

## ■Turismo

Ang Chiba Prefecture ay nagbibigay ng impormasyon ukol sa mga rekomendadong pook at mga gawain sa Chiba Tourism Guide, "Marugoto e-Chiba" site. Maaring tingnan ang mga tourism websites, mga impormasyon sa trapiko, at iba pa, sa buong Japan.

<http://japan-chiba-guide.com/index.html>

**■郵便 (国内郵便、国際郵便)**

**(1)国内郵便**

①定形郵便物(封書): 25gまで 84円、50gまで 94円

(規格:長さ 14~23.5cm、幅9~12cm、厚さ 1 cm以下。重さ 50g以下)

②定形外郵便物(封書): 重さ・大きさによって 料金が異なります。

③通常はがき 63円、ミニレター 63円、往復はがき 126円

④小包郵便(ゆうパック): 大きさと送り先の 地域で料金が異なります。

(規格:長さ・幅・厚さの合計が 170 cm以内。重さ 25 kg以内)

- 書籍等を送るときはゆうメールを利用すると 安い料金となります。

(規格: 1 kgまで)

- 必要なら専用の箱を郵便局で買うこともで きます。

⑤速達: 急ぎのときは速達料金を追加して 「速達扱い」にすると早く届けでもらえます。

⑥書留: 現金・重要な文書・物の郵送は 「書留」にすると、万一の場合、損害賠償が 受けられます。郵便局の窓口で申し出ま す。

注: 受取りの印または署名が必要な郵便物や 小包が配達されたとき、あなたがいないとき は、配達員は、「不在配達の通知」を郵便受 けけに残していきます。郵便局は、その 郵便物を7日間保管するので、出向いて受 け取るか(印鑑と身分を証明するものを必 ず持つてください)、あるいは希望 配達日を郵便局に知らせて再配達を申し込 みます。

**■ Serbisyo sa Koreo (Para sa mga Domestic mail, International mail)**

**(1) Para sa mga Domestic mail**

1) Standard size na mga sulat o liham (selyado): unipormeng singil na ₩84 hanggang 25 g at ₩94 hanggang 50 g.

(Sukatan: mga bagay na may haba na 14 hanggang 23.5 cm, 9 hanggang 12 cm ang lapad at hanggang 1 cm ang kapal. Mga bagay na hanggang 50 g ang bigat.)

2) Non-standard size na mga sulat o liham (selyado): Nag-iiba ang presyo depende sa bigat at laki.

3) Uniporme o pantay na singil na ₩63 para sa standard size post-cards, ₩ 63 para sa mini-letter, at ₩126 para sa prepaid returnable postcards.

4) Parsela (Yu-Pack): iba't-iba ang singil depende sa sukat o laki at sa lugar na kung saan ito ipapadala.

(Sukatan: mga bagay na may kabuuang haba, lapad at kapal na 170 cm, at bigat hanggang 25 kg)

- Para sa pagpapadala ng mga libro, at iba pa, mas mura kung ipapadala ito sa pamamagitan ng Yu-mail.

(Sukatan: hanggang 1kg)

- Kung kinakailangan, maari kayong bumili ng itinakdang mga kahon sa post office.

5) Express mail (Sokutatsu): kapag kayo ay nagmamadali, maari ninyong gamitin ang express mail.

6) Registered mail (Kakitome): kung nais magpadala ng mga importanteng dokumento o mga bagay, maaring gamitin ninyo ang registered mail (Kakitome) para makasigurong sasagutin ng Koreo ang responsibilidad kung sakaling mawala ito. Magtanong sa tanggapan ng Koreo o Post Office para sa serbisyo ng ito.

Paalala: sa oras na ipadala ang isang sulat o package na nangangailangan ng inyong stampa o pirma at wala kayo sa bahay, mag-iwan ang Kartero ng isang "notice of absence" sa inyong mailbox. Itatabi ng Koreo ang mga sulat o package hanggang pitong araw. Maari kayong pumunta ng direkta sa Post Office upang tanggapin ito (kailangang dalhin ninyo ang isang stampa at isang I.D.), o di kaya'y hilingin sa Koreo na ipadala uli ito.

## (2) 國際郵便

### ① 通常郵便物

航空便には、手紙、ハガキ、本・雑誌(印刷物)があり、3日～6日程度で配達されます。

② EMS(国際スピード郵便): 航空便より速く配達されます。

### ③ 国際小包

航空便、船便、エコノミー航空(SAL)便の3種類があります。

利用個数により10～20%の料金割引があります。

重量は30kgまで(国により制限が異なります)

専用ラベルに必要事項を記入し、貼ります。

### ◇ 帰国や移転の際の手続き

帰国または移転する場合には、事前に郵便局に届けます。国内ならば、移転先の新住所に1年間は無料で郵便物を転送してもらえます。届出用のはがきは郵便局にあります。

### 郵便局ごとの業務時間

<http://map.japanpost.jp/p/search/>  
日本郵便株式会社では英語版ホームページで郵便局のサービス内容や料金を紹介しています。

<http://www.post.japanpost.jp/english/index.html>

## ■ 宅配便

郵便のほかに日本には宅配便と呼ばれる便利な輸送サービスがあります。宅配便は、コンビニエンスストアなどでも申込みできます。一般的な配達サービスのほかに、食品などの冷凍配達、スキーやゴルフ用具をスキー場、ゴルフ場から自宅まで配達するサービスもあります。

集荷時間や地域により配達までの日数が変わります。また、輸送距離や荷物のサイズによつ

## (2) International mail

### 1) Ordinaryong liham

- Para sa airmail, may mga liham, postcards, libro/ magasin (bagay na nakalimbag), at inaabot ng halos 3 hanggang 6 na araw para sa pag-deliver o paghatid.

2) EMS (International Express Mail Service): mas mabilis na naipapadala kumpara sa air mail.

### 3) International parcels

- May tatlong uri: Via air, Sea, at Economy Air (SAL)
- May mga diskumento mula 10% hanggang 20% depende sa dami ng package o mga balutan.
- Ang timbang ay hanggang 30 kg (ang limitasyong ito ay maaring magkaiba depende sa bansa).
- Isulat ang nararapat na bagay sa itinakdang label, at idikit sa package.

### ◇ Pamamaraan para sa paglipat o pag-uwi sa sariling bansa

Kung nais ninyong lumipat sa anumang lugar sa Japan o di kaya'y umuwi sa sariling bansa, kailangang ipaalam ito sa Koreo o Post Office bago isagawa ang paglipat o bago umuwi sa sariling bansa. Para sa paglipat sa anumang lugar sa Japan, ang koreo ay ipapadala ng libre sa bagong tirahan o address sa loob ng isang taon. May mga postcards sa bawat Post Office, na maaring gamitin para ipaalam ang pagbabago ng address o tirahan.

Para sa oras ng pagbukas ng bawat koreo:

<http://map.japanpost.jp/p/search/>

Ang Japan Post Service Co., Ltd. ay may website sa wikang Ingles, na nagbibigay ng mga impormasyon ukol sa mga serbisyo pati na mga singil sa koreo.

<http://www.post.japanpost.jp/english/index.html>

## ■ Takuhaibin Courier Service

Bukod pa sa mga serbisyo sa koreo, may mga serbisyon maaring gamitin tulad ng tinatawag na "Takuhaibin". Maari itong ipadala sa pamamagitan ng mga convenience stores at iba pang mga shops.

Bukod sa regular na mga serbisyo, ang mga courier companies ay nagdudulot ng iba't-ibang uri ng serbisyo, katulad ng pagpapadala ng refrigerated foods pati mga skis o golf equipment sa mga ski resorts o golf courses patungo sa inyong tahanan.

Nagbabago ang bilang ng araw depende sa oras ng paghakot

りょうきん こと かわいがい  
料金は異なります。海外へのサービスは、  
荷物の種類や地域によって制限があります。

## ■電話・電報

### ◇電話のかけ方

ほん でんわばんごう しがいきくばん しないきくばん  
日本の電話番号は、市外局番 - 市内局番  
-加入者番号の三組の数字からできており、  
受話器を上げてから、プッシュボタンでこれ  
らの数字を押してかけます。  
ただし、自分と同じ市外局番の相手に電話  
をかけるときは、市外局番は、要りません。  
\*携帯電話からかける場合は、全ての番号を  
押します。

at pook. May iba't-ibang singil depende sa layo o distansiya. Para sa serbisyon pang-internasyonal, may mga limitasyon sa nilalaman ng bagay na nais ipadala pati na sa destinasyon o lugar na patutunguan.

## ■Telepono at Telegrama

### ◇ Paano tumawag sa telepono

Ang numero ng telepono sa bansang Hapon ay binubuo ng tatlong bahagi: (area code)-(lokal na numero)-(bilang ng subscriber). Kailangang i-dayal ang tatlong bahagi kung tatawag gamit ng telepono, maliban na lang kung ang numerong tatawagan ay nasa parehong area code.

Kung pareho ang area code ng tatawagan sa area code mo, hindi na kailangang i-dayal ang area code.

\*Kung tatawag gamit ng cell phone, kailangang i-dayal ang lahat ng numero

### 例

#### Halimbawa

Area Code	Local Exchange code	Numero ng subscriber
043	123	4567

### ◇電話の新設・移転・名義変更等の申込み

ほうぼう  
方法  
もよ  
最寄りのNTTの営業所に、身分証明書(パスポート、在留カード、運転免許証など)を持って申し込みます。

### ◇便利な電話番号

電話の申込み 116(局番なし)  
電話の故障 113(局番なし)  
話中調べ 114(局番なし)  
電話番号案内(有料) 104(局番なし)  
時報(有料) 117(局番なし)  
天気予報(有料) 177(局番なし)

・英語による案内  
ひがしにほん  
NTT東日本

<http://www.ntt-east.co.jp/en/>  
英語:0120-565-950  
月～金 9:00～17:00(祝日、年末年始除  
( ))

### ◇ Pag-apply para sa bagong telepono o phone service, paglipat ng tirahan, paglipat o pagbabago ng subscription, iba pa.

Mag-aplay sa pinakamalapit na opisina ng NTT.

Kinakailangang magpakita ng ID (pasaporte, residence card, lisensya ng pagmamaneho, atbp.)

### ◇ Mga kapaki-pakinabang na mga numero

Aplikasyon para sa linya ng telepono: 116 (walang area code)

Pagkumpuni o repair service: 113 (walang area code)

Pagsusuri ng busy line: 114 (walang area code)

Directory assistance (may singil): 104 (walang area code)

Pag-alam ng oras (may singil): 117 (walang area code)

Pag-alam ng panahon o weather (may singil): 177 (walang area code)

#### •Gabay sa Ingles:

#### NTT EAST

<http://www.ntt-east.co.jp/en/>

Ingles:0120-565-950

(Lunes hanggang Biyernes mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.)

### ◇電話料

- ・基本料(回線使用料)と通話料金があります。
- ・基本料はNTTに支払いますが、通話料金は多数の電話会社から選ぶこともできます。NTT以外の電話会社のサービスを利用するときは、事前に契約が必要になりますので、各電話会社に直接お問い合わせください。

### ◇電話料金の支払

電話料金は、毎月、各会社から請求書が郵送されてきますので、近くの銀行、郵便局、コンビニエンスストア、電話会社の営業所で支払います。銀行の口座から毎月自動的に支払われる口座振替の方法もあります。

### ◇携帯電話の購入

携帯電話は、各メーカーの機種取扱店や家電量販店などで購入することができます。購入時には、本人であることを確認できる書類(パスポート、在留カード等)や毎月の料金の支払いの手続に必要なもの(クレジットカード等)などが必要となりますので、詳しくは、携帯電話を購入する店舗で直接確認してください。

### ◇公衆電話

公衆電話には10・100円硬貨及びテレホンカードで利用できるものがあります。100円硬貨はおつりがでませんので注意してください。

受話器をとり、硬貨又はテレホンカードを挿し、ピーという音が聞こえたら相手の電話番号をダイアルします。通話中のピーという発信音は、料金がなくなった合図ですので、続けて話をしたいときは硬貨またはテレホンカードを追加します。

公衆電話で国際電話をかける場合には、デジタル公衆電話(灰色の公衆電話)を利用します。国際電話を利用できる公衆電話に

### ◇ Singil sa paggamit ng telepono

- May basic charge o singil (sa paggamit ng linya) at calling charge o singil sa pagtawag.
- Bagama't kailangan ninyong bayaran sa NTT ang basic charge, para sa pagtawag sa telepono maari kayong pumili sa ilang domestic telephone companies. Kailangang maging subscriber muna kayo bago makagamit ng mga serbisyo. Para sa mga detalye o impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng kompanya ng telepono.

### ◇ Pagbayad ng singil sa paggamit ng telepono

Makakatanggap kayo ng buwanang singil para sa paggamit ng telepono at maari ito bayaran sa mga banko, post office o koreo, mga convenience stores o service offices ng kompanya ng telepono sa inyong lugar. Maaring bayaran sa pamamagitan ng automatic transfer, kung saan ang singil o kabayaran ay automatic na ibabawas sa itinakdang account sa banko bawat buwan.

### ◇ Pagbili ng cellular o mobile phone

Maaaring bumili ng cell phone sa tindahan ng kumpanya mismo o kaya sa mga retail stores. Sa oras ng pagbili ay kinakailangang magpakita ng ID (pasaporte, residence card, atbp.), pati na rin ng kagamitang kailangan para makapagbayad buwan-buwan (credit card, atbp.). Para sa karagdagang impormasyon, direktang magtanong sa tindahan kung saan ninyo balak bilhin ang cell phone.

### ◇ Mga teleponong pampubliko o Public phones

Depende sa public phone, maaring gamitin sa pagtawag ang ¥10 coins, ¥100 coins at ang regular na telephone card. Tandaan po lamang na ang mga public phones ay hindi magbibigay ng sukli sa ¥100 coins na ihuhulog ninyo. Sa pagtawag sa isang public phone, damputin ang hawakan o receiver, ihulog ang nararapat na barya o coins o di kaya'y isang telephone card at i-dial ang numerong nais tawagan haggang marinig ninyo ang dial tone. Kapag patapos na ang inyong tawag, makakarinig kayo ng isang tunog o beep. Kung nais ninyong magpatuloy sa pakikipag-usap o sa pagtawag, kailangang maglagay kayo ng karagdagang barya o coins o isa pang telephone card. Kung nais magsagawa ng international call mula sa isang public phone booth, kailangang gamitin ninyo ang itinakdang digital public phone (kulay abo o gray). Siguruhing may markang

表示がしてありますので、確認してから利用してください。

テレホンカードは、NTT やコンビニエンスストアなどで販売しています。

## □国際電話

①国際ダイヤル通話: 電話をかける人が自分で直接、海外にある相手の電話番号をダイアルして通話します。

・マイラインまたはマイラインプラスに登録している場合

→国際電話識別別番号(010)+国番号+相手先電話番号

・マイラインまたはマイラインプラスに登録している場合

→電話会社接続番号+国際電話識別別番号(010)+国番号+相手先電話番号

国際電話を取扱う主な会社は以下のとおりですが、会社により通話料金や割引サービスが異なりますので、各会社に直接問い合わせてください。

KDDI: 010 (問合せ TEL: 0057)

NTT コミュニケーションズ: 0033  
(問合せ TEL: 0120-506506)

ソフトバンクテレコム: 0061  
(問合せ TEL: 0120-0088-82)

②国際オペレーター通話: 0051  
電話会社のオペレーターに相手を電話口に呼び出してもらう方法です。

<http://www.001.kddi.com/lineup/operator/>

## ◇電報

電報は以下の電話会社で取り扱っています。

① (NTT) 電話 : 115 (午前8:00 ~ 午後7:00)

② 国際電報 (KDDI) 電話 : 0120-44-5124  
(午前9:00 ~ 午後5:00 月 ~ 土)

nagpapaalam na ito ay maaring gamitin para sa mga international calls.

Ang mga Telephone cards at IC cards ay maaring bilhin sa NTT, sa mga convenience stores at kaugnay na mga lugar.

## □Pagtawag sa ibang bansa

1) Para sa International Direct Dialing: maari ninyong i-dial ng direkta ang numerong nais tawagan.

- Kung kayo ay nakarehistro sa My Line o My Line Plus

International access code (010) + country code + numero ng teleponong nais ninyong tawagan

- Kung kayo ay hindi nakarehistro sa My Line o My Line Plus Connection code ng telephone company + International access code (010)+ country code + numero ng teleponong nais ninyong tawagan

Ang sumusunod ay ang mga pangunahing kompanya ng teleono na nangangasiwa sa mga international calls o tawag sa ibang bansa. Iba't-iba ang singil at mga diskuwentong ipinagkakaloob ng bawat kompanyang ito, kaya kailangang sumangguni muna kayo sa kompanyang nais ninyong gamitin.

KDDI: 010 (TEL:0057)

NTT Communications: 0033 (TEL: 0120-506506)  
SoftBank Telecom: 0061 (TEL:0120-0088-82)

2) Mga tawag na dumadaan sa isang operator: 0051  
ang isang operator mula sa kompanya ng teleono na napili ninyong gamitin ang magsasagawa ng tawag sa numerong nais ninyong tawagan.  
<http://www.001.kddi.com/en/lineup/with-operator/index.html>

## ◇ Telegrama

Ang mga telegrama ay maaring ipadala mula sa mga kompanya ng teleono na nakalista sa ibaba:

(a) Domestic telegrams (NTT): Numero ng teleono: 115 (8:00 a.m. hanggang 7:00 p.m.)

(b) International telegrams (KDDI): Numero ng teleono: 0120-44-5124 (9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes - Sabado)

## ■ 交通機関

鉄道及び路線バス等の公共交通機関は、広範囲に整備されており、日常生活の重要な足として大きな役割を果たしています。

## ■ 鉄道を利用するとき

### (1) 乗車券の種類

#### ① 普通乗車券

近距離は自動販売機、遠距離や特急券などは駅の窓口で買います。料金は、自動販売機の上部に駆別で表示されています。12歳未満(ただし、小学生は子供)の子供は半額、6歳未満の幼児は大人または子供1人につき2人まで無料です。

#### ② 回数券

10枚分の料金で11枚買うことができ、同じ区間を何度も利用するときに、便利です。ただし、使用期限があります。

#### ③ 定期券

毎日の通勤や通学には定期券が便利です。期間は1か月、3か月、6か月の3種類で、期間が長いものほど割安になっています。

### (2) ICカード式乗車券 (Suica (スイカ) と PASMO (パスモ))

定期券にもプリペイド式乗車券にも使えるカードで、読み取り装置を設置したすべての鉄道とバスで現金を使わずに乗車、運賃精算ができます。

Suica (スイカ) は JR 東日本で販売しているもので、自動改札機に触れるだけで改札を通過できます。PASMO (パスモ) は、私鉄、地下鉄、バス会社で販売しています。

## ■ Transportasyon

Ang Chiba Prefecture ay mayroong maayos at kumbiniyenteng sistema ng transportasyon para sa publiko na kinabibilangan ng mga tren, regular na bus, at iba pa. Mahalaga ang papel ng mga ito sa araw-araw na kabuhayan ng mga mamamayan.

## ■ Paggamit ng mga tren

### (1) Mga uri ng tickets o bilyete

#### 1) Regular na bilyete

Bumili ng short-distance ticket mula sa mga itinakdang ticket machines. Ang bilyete para sa biyaheng Long distance at Limited Express ay kailangang bilhin sa ticket counter sa estasyon ng tren. Sa itaas na bahagi ng ticket machine ay may mapa ng ruta o mga dinadaanan ng tren kasali na ang mga singil sa bawat destinasyon. Ang singil sa tren ay kalahati para sa mga kabataang hindi pa umaabot sa edad na 12 taong gulang (ang nasa Elementary School ay school itinuturing na bata), at libre hanggang sa dalawang batang hindi pa umaabot sa edad na 6 taong gulang o pababa na kasama ng isang adult o mag-aaral na nasa Elementary School.

#### 2) Coupon tickets (Kaisuken)

Maaring ninyong ipagpauna ang pagbili nito dahil mas makakamura kayo kung bibiyahe ng ilang beses sa parehong linya. Kung bibili kayo ng sampung bilyete o ticket, may dagdag na isang ticket na libre. Ang paggamit nito ay limitado o balido sa itinakdang panahon.

#### 3) Railway Pass (Teiki-ken)

Kung kayo ay gumagamit ng parehong ruta araw-araw sa pagbiyahe ninyo patungo sa trabaho o sa paaralan, mas maigi o kumbiniyente kung bibili kayo ng Rail Pass. May 1 buwan, 3 buwan at 6 buwan na pases para sa pagsakay sa tren. Mas makakamura kayo lalung-lalo na kung mahaba ang panahong kukunin ninyo.

### (2) IC Card Boarding Pass (Suica at PASMO)

Maaring gamitin ang card na ito bilang regular na pases o bilang Prepaid Boarding Pass, at maaring gamitin sa lahat ng tren at mga bus na may itinakdang card readers at hindi na kailangang gumamit ng pera o cash.

